

# KWALTA, ANG SAGRADONG PUTA, PAGWAWALDAS: POLITIKANG SEKSWAL AT TUNGGALIAN NG MGA URING PANLIPUNAN SA *BUSABOS NG PALAD*, NOBELA NI FAUSTINO AGUILAR

*E. San Juan, Jr., Ph.D.*

## ABSTRAK

*Sinikap ilapat ang unawa sa politikang sekswal nina Marx at Engels, at teorya ng relihiyon ni George Bataille, dito sa kritika ng Busabos na pumupuna sa tema ng romantikong ilusyon. Realistikong inilarawan sa nobela ang kapalaran nina Rita at Celso. Iyon ay alegorya ng kapangyarihan ng salapi, kapitalismo, at petisismo-ng-komoditi, na dumuduhagi sa lahat. Pabor pa rin sa dalagang birhen ang pamilihan-sa-asawa. Ang gahasa't pagkaputa ni Rita ang nag-udyok sa sakripisyo ni Celso. Iyon ay nakatutok sa pagwasak sa pagdumog sa pinagbibiling-katawan, upahang trabaho, na kinondena nina Marx, Engels, at Bataille. Nagsilbing lugar ng ideyalisasyon ang kinasangkapang katawan ni Rita, isang lunan ng tabu o maruming bagay. Ang pakikipagtalik niya kay Celso ay isang pagpupurga, na namagitan sa makamundong larang ng hinamak-na-gawain at espasyo ng kabanalan (inutil, waldas, mataimtin na danas, sa isip ni Bataille). Gumana ang pagkasagip kay Rita bilang ritwal ng paglikha ng isang komunidad ng damdamin ng pakikiramay. Isinakripisyo ni Celso ang makalupang tagumpay, ang mana sa ama, at pribilehiyo ng kalalakihan upang dalisayin ang narumhang kasintahan. Naisaliw ang erotikong pagmamahal sa karidad at kawanggawa. Nilabanan ni Celso ang kapangyarihan ng*

*patriyarkiya. Tinanggihan niya ang moralidad ng simbahan at burgesya na umuugit sa 'di-pantay na paghahati ng trabaho sa lipunan, na siyang sumusupil sa kababaihan. Ang pagsasamang erotiko/magiliw ay nagpapahiwatig ng pagbalewala sa lipunang 'di-makatao na pinaghaharian ng makasariling pagsamsam ng ari-arian (hikayat ng* "reality-principle" *ni Freud). Ang pakikibahaginan nina Rita at Celso ay nagpalaya ng pwersang bumukadkad sa isang utopikong harayang kawangis ng beatipikasyong mistikal (na matatagpuan sa mga huling kabanata ng nobela). Subalit sa daigdig ng alyenadong hanapbuhay, ang pagnanais nila ng isang wagas na suyuan ay maisasakatuparan lamang sa kanilang pangungulila at sa kamatayan. Kaya nga ang anarkistang proyekto ng pag-ibig (na nagkakawing sa* Eros *at* Agape*) ay nabigo sa pagsira sa pananaig ng patriyarkal na poder. Nabigo rin ito sa paglusaw sa guwang na naghihiwalay sa sagrado (inutil, labis) at 'di-banal (ari-arian ng burgesya), isang sintomas ng baligtad, nagkakasalungatan, at masalimuot na lagay ng politikang sekswal sa kolonisadong lipunan.*

**Mga Susing Salita:** *prostitusyon, patriyarkal, petisismo, sakripisyo, kolonyalismo,* Eros

## ABSTRACT

*Applying Marx and Engels' insights into sexual politics, supplemented with George Bataille's theory of religion, this critical reading of* Busabos *explores the theme of romantic illusion. Rita's fate, realistically portrayed, allegorizes the power of money, capitalist business, and commodity-fetishism to corrupt everyone. The marriage market still favors the fetish of virginity. Rita's rape/prostitution operates as the trigger for Celso's sacrifice aimed at destroying the fetishism of commodified bodies/hired labor denounced by Marx, Engels, and Bataille. Rita's instrumentalized body functions as the locus of idealization, the zone of the polluted/tabooed object. Her intimacy with Celso enacts a purgation, mediating between the profane (alienated work) and the sacred (waste, uselessness—divine immanence, to Bataille). His rescue performs the ritual creation of a community of affections as he sacrifices worldly success, his inheritance, and male privilege in order to cleanse the polluted beloved. Erotic love is sublimated into agape/charity. Defying patriarchal totemic power, Celso rejects church/*

*bourgeois morality that sanctions the unequal division of social labor entailing the subordination of women. Rita and Celso's erotic/charitable sharing implies negation of the dehumanized society dominated by acquisitive egocentrism (Freud's reality-principle). It releases life-energies for utopian idealization akin to mystical beatification (rendered in the novel's last chapters). But in the world of alienated labor, their desire for pure intimacy can only be fulfilled in isolation and death. Thus the anarchistic project of love (ambitiously reconciling eros and agape), while negating the degraded world of utilitarian individualism, fails to destroy male supremacy. It fails to dissolve the gap between the sacred (useless, excessive) and profane (bourgeois property), symptomatic of the contradictory, ironic, and fraught nature of sexual politics in colonial society.*

**Keywords:** *prostitution, patriarchy, fetishism, sacrifice, colonialism, Eros*

*… The flesh will still be the thinking place of the soul. The soul is never without its flesh….*

—*Collected Writings circa*.160 CE
(Tertullian 2016)

*… Since money, as the existing and active concept of value, confounds and exchanges all things, it is the general confounding and compounding of all things—the world upside down—the confounding and compounding of all natural and human qualities… It therefore serves to exchange every property for every other, even contradictory, property and object: it is the fraternization of impossibilities. It makes contradictions embrace.*

—*The Economic and Philosophic Manuscripts of 1844*
(Marx 1964)

> *Kahit sino ay dudura talaga sa Pangulo dahil sa pagkamuhi sa kanyang walang kaparis na kabastusan. Maliligo siya sa laway ng mamamayang galit na galit sa kanyang kamanyakan at pagka-inutil. Kasuklam-suklam ang paggamit niya ng kanyang posisyon para ipabatid sa publiko ang kanyang kalibugan at pagnanasa sa kababaihan.*
>
> -GABRIELA Women's Party's Statement on President Duterte's gross remarks in Bacolod City (2018)

Nang maipalimbag ang pangalawang nobelang *Busabos ng Palad* ni Aguilar dalawang taon mula nang ipagbunyi ang pasinayang akdang *Pinaglahuan* (1986) na unang inilimbag noong 1907, pinuri siya ng kamanunulat na si Iñigo Ed. Regalado: "Ganap na napatunayan ang pagiging pangunahing nobelista ni Faustino Aguilar dahil sa kanyang marikit na *Busabos ng Palad* na totoong kinagiliwian at hinangaan ng madla at siya na ring sanhi ng nagkakaisang palagay ng tanang mahiligin sa pagsulat at sa pagbabasa na si Aguilar ay siyang Alejandro Dumas ng Panitikang Tagalog" (2013, 167).

Gawi pa rin noon ang imbokasyon ng awtoridad ng Kanlurang kabihasnan. Reperens dito ang nobelang *La Dame aux Camelias* (1848) na lalong pinatanyag ng opera ni Verdi, *La Traviata* (binanggit ni Kendrick 1988, 117). Itinampok nito ang nasawing pag-iibigan nina Marguerite Gautier, isang alagang puta na may sakit ng *syphilis*, at Armand Duval, dahil sa interbensiyon ng ama. Hango ito mismo sa buhay ng awtor na narahuyo sa isang kurtesano, si Marie Duplessis, na may pulang kamelya kung may regla at puting bulaklak kung handa siyang makipagtalik sa sinumang makababayad ng karampatang halaga. Paksain noon ang tabu sa prostitusyon, hindi lang ang desgrasyadang-may-ginintuang puso, na palasak na reputasyon ng tipong pornograpiko na siniyasat nina Richard Lewinsohn sa *A History of Sexual Customs* (1958), ni Walter Kendrick sa *The Secret Museum* (1988), ni Edward Lucie-Smith sa *Sexuality in Western Art* (1972), at iba pa.

Magkalangkap sa temang sekswalidad dito ang katotohanan at guni-guni. Dahil sa maselang paksa, naikintal din ang impresyon na ginamit ng nobelista ang realistikong estilo upang magagap ang tendensiyang pampanitikan sa Kanluran. Opinyon ni Virgilio Almario na ang nobela ay tumatalakay sa mga "ligaw na damdamin na mahirap ihanap ng paliwanag sa kumbensiyon ng lipunan at

may balangkas na tulad ng mga nobela nina Zola at magkapatid na Goncourt" (1974, 26; 2009, 70-72). Mababaw at malabong salat ito. Hindi ligaw na damdamin ang pinagkabalahan dito kundi siklab ng libog, galit, panibugho, ngitngit, pagkasuklam, pagkamuhi, panggigipuspos—sa madaling salita, mabagsik at nakagigimbal na emosyong mahirap gabayan o pigilin sa kongkretong sitwasyon ng buhay.

## Anatomiya ng Pakikipagsapalaran

Upang mailinaw ang kontrobersyang kasangkot dito, inihahain ko ang isang maikling lagom. Bago himayin ang istruktura at tekstura ng akda upang masubok ang teorya nina Marx/Engels at Georges Bataille, sulyapan muna natin ang pinigang banghay ng isinalarawan na eksploytasyon ng laman, ang alitan ng kalampasan *(transcendence)* at hilagyo o esensiya *(immanence)*.

Sina Celso at Rita ang protagonistang susubaybayan. Nag-umpisa ang salaysay sa gitna ng takbo ng buhay ni Celso, isang petiburges na estudyante, at nagwakas sa pagkamatay ng makasalanang babae, si Rita. Nakasentro ang anggulo ng naratibo sa lalaking nangasiwa sa sakripisyo, lumabag sa tabu at sumuway sa patriyarkal na institusyong sekular na nakasalig sa Simbahan at kwalta/puhunan. Maipapalagay na ang prostitusyon ay pagkumpleto sa burgesyang pag-asawahan (Reiche 1970). Sa kakatwang pagpihit ng posisyon, si Celso ang naging biktimang tinanggalan ng halaga (sentido komun); sa halip lumampas sa mundo ng mga kagamitan, nawaldas siya. Nalubog sa petisismo ng erotikong ideya ng mga nahibang sa pag-ibig na itinuring na isang sakit, ikinulong siya sa asilo ng mga baliw. Trahedyang may bahid komedya (sa pagkatakas ni Celso sa balighong orden ng salapi at maka-patriyarkang dahas) ang kinahinatnan.

Sa paraan ng *anamnesis* o gunitang isinadula sa kasalukuyan, ang krimeng naganap ay pangyayaring sakramental, nagsilbing tagapamagitan, na nagbubuklod sa dalawang kaluluwa-katawan. Iyon ang disgrasya o sakunang nagbabalik ng nawalang *"intimacy of the divine world, of the profound immanence of all that is,"* (pinakabuod ng banal na mundo, ng pinakataimtim na kalantaran ng lahat ng umiiral) ang daigdig ng sagradong kaisahan/katalagahan (Bataille 1992, 44). Sa perspektiba naman ng antropologong teorya ng sakripisyo, ang konsekrasyon ni Rita, ang biktimang inihandog sa mundo ng espiritu o mga bathala ay nakapag-iba sa kondisyon ni Celso, ang ahenteng espiritwal, na pinurga o nilinis sa bisa ng

sakripisyo (Mauss & Hulbert 1968). Ang nobela ay pagsasadula ng akto ng sakripisyo na garantiya ng kabuhayan ng komunidad, kung saan ang *totem* (bathala, espiritu) ay pinagsaluhan sa isang pista—ang tagal ng pagsasama o pagsasalo nina Rita at Celso sa isang liblib na tahanan malayo sa gubat ng kalunsuran.

Makahulugan ang trajektori ng muling pagtatagpo ng dalawang tauhan—ang binata na lumaki sa lungsod, ang dalaga na itinapon mula sa nayon at ikinulong sa isang gusali sa Maynila. Sa minsang pakikitungo sa madla, nadiskubre ni Celso, pagkaraan ng dalawang taon, na ang dating kasintahan niyang si Rita, isang ulila, ay nasadlak sa isang putahan—"mananayaw sa isang kabaret," maling hula ni Soledad Reyes (1982, 46). Matapos gahasain ng isang talipandas na "ama," ipinagbili siya ni Pepe, ang patriyarkal na kriminal na bumitaw sa kasunduan. Sino ang tutubos sa utang ni Pepe (si Rita ang *collateral*)? Mahigpit na ipinagbawal ni Mang Ulpiano, ama ni Celso, na bitiwan ang pag-aaral at lubos na sumabak sa pagnenegosyo. Sinuportahan ito ng relihiyosong ina, si Aling Memay, na umaaangal sa kamunduhan ng guni-guni ng anak. Nang mabalitaang dumalaw si Celso sa kinondenang lugar, nagalit ang ama't pinalayas ang anak. Nilibak si Celso ng kanyang mga kaibigan. Pinarusahan si Celso ng ama niya sa pag-alis ng kanyang mana. Utang sa kanyang tiyaga at talino, nailigtas ni Celso si Rita. Kapwa tumaliwas sa kodigong burgis-piyudal. 'Di naglao'y lumala ang sakit ni Rita at 'di nagluwat, sa pagkamatay, nagsalisi ang tuwa't pighati ni Celso. Tuluyang nabaliw siya at napiit sa Hospicio de San Juan.

## Pagtatapatan: Simbolo ng Komunidad

Sa ganitong maliksing pagsusuma sa kumplikadong daloy ng naratibo, melodramatikong dula lamang pala ito. 'Di pambihira ang pagkabiktima na karaniwang nangyayari sa babae, at pagkabaliw ng nahumaling na lalaki—isang palasak at nakasusuyang paksa ng mga komersiyalisadong babasahin. Makatuklas kaya tayo ng isang lihim na kahulugang kontra sa kumbensyonal na interpretasyon? Makukuro na ang pag-andukha sa isang "puta" ay hindi ordinaryo, lalo na ang matingkad na pag-aruga't pagbuhos ng lakas upang mapurga ang babae sa istigmang inilapat ng lipunan.

Tandaan na ang salaysay ng sawing babae ay nakabaon sa paggunita niya ng nangyari, na nakalakip sa pagbalita-pagtatapat kay Celso, isang pakikibahaging kumpisal (*covenant*). Ito'y panimulang pagsasalo. Ibinahagi ni Celso ang sekretong naiparte sa isang kaibigan, at tuloy naikalat sa madla. Naging balita sa komunidad.

Nakakulong sa maraming sisidlan ang buhay ng babae: ugnayang Celso-kaibigan, ugnayang Celso-kamanunulat. May agwat mula sa ugnayang ito at pamilya ni Celso, bagamat nagbigay ng suporta ang ina. Mapapansing tiwalag din dito ang paring dumulog at ang katulong na babae sa huling tatlong kabanata. Samakatwid, hindi ito simpleng paghimay ng personalidad kundi pagbulatlat sa isang sindromang sosyolohikal o sakit ng buong lipunan.

Nakatanghal ang problema ng komunikasyon at krisis ng lipunang indibidwalistiko sa neokolonyang lungsod. Bukod sa *anomie* (ligalig pangkaluluwa) at alyenasyon, salapi at ilusyon ang magkasangkot. Ang suliranin ng kasarian, laluna ang katayuan ng kababaihan, ay naliliman ng romantikong pilosopiyang sumaklot sa diwa ni Celso, isang artistang nakapailalim naman sa komoditi-petisismo. Sa simula, magkahidwa ang sining ng makata at kapangyarihan ng salapi/pagpapalitan-ng-halaga (*exchange-value*), na tatak ng kapitalismong lohika ng pananakop ng U.S. Subalit pinilit siyang tanggapin ang sistema ng utangan: tutubusin niya si Rita sa halagang 400 piso. Sa balintunang kalakasan, nakataya ang kinabukasan ng petiburgesyang intelihensiya sa kolonya (imahinasyon/dunong ni Celso) at puri ng kababaihang bihag ng pamilyang patriyarkal.

Sa punto-de-bista ni Freud, ang sitwasyon ay kahawig ng matandang labanan sa pagitan ng ama at mga anak. Sa *Totem and Taboo*, inilahad ni Freud ang pinagmulan ng pagsamba sa *totem* mula sa salamisim at haka-haka ng inang nagdadalang-tao: ang sanggol ay dulot ng hayup-*totem* (1989, 487-488) na *fundador* ng lipi. Ngunit hindi naging ina si Rita: pinalaglag ang sanggol sa utos ng gumahasa. Sa malawakang pagsusuri, ang galit ni Mang Ulpiano ay nagmula sa udyok na pagbawalan ang pakikibahagi ng mga babaeng upahan na pagsaluhan ng lalaking magkaisang-dugo (Freud 1989, 490-491). Bawal ang *incest*, kailangang sarilinin ng patriyarkiya ang mga babaeng magsusupling ng tagapagmana ng poder at ari-arian. Sumuway si Celso, tumangging magpakasal sa anak ng kaibigan ng ama. Bagamat humihingi ng patawad, itinaboy ni Mang Ulpiano ang nagsisising anak at tuluyang itinakwil siya bilang tagapagmana.

Nakasalalay ang mapanghikayat na bisa ng nobela sa polarisasyon ng damdamin ng mag-anak at ng mga kaibigan ni Celso. Masalimuot ang intertekstong alegoryang mahuhulo. Sa kabila ng opinyon ni Mojares na "*the novel's tendency to romanticize the power of fate is an ideological regression*" (1983, 238), nakuha rin

niyang wikain na "*the novel defines honor in an individual sense and poses it against the unimaginative notions of popular morality*" (237). Ngunit kailangan ng isang *caveat*. Dapat tandaan na ang dangal ay birtud ng aristokratang uri sa piyudalismong orden, hindi ari-arian ng mala-proletaryong makata. Magkatumbalik ba itong impresyong naisaad? Imbestigahin natin ang mabusising pagsasalaysay ng dalawang kapalarang binusabos at binansagang "dapat ilagan"—ang kapalaran nina Celso at Rita. Datapwat katumbalikan ang naiusal ng alegorya: ang lalaki'y nakaigpaw sandali, nakapagbili ng produkto ng diwa, at tumakas sa dominasyon ng pamilya at pamilihan. Sa erotikang bugso ng *Ego* ng umiibig, pumanaw ang dinadakilang sinta. Pumuslit ang *thanatos*, paghupa ng bagabag at panlulupaypay. Naging handog sa espiritung 'di malalampasan, ang laging-birheng imahen ni Rita. Ang sinta ay marumi, pinagdirihan, kaya naging "sagradong" puta na 'di masalang, pagkakataon upang maitampok ang malilinis at mapagpupugayan sa pamamagitan ni Celso, ang saserdote sa ritwal ng sakripisyo.

Mula krisis ng sakit tungo sa pagbubunyag, uminog ang naratibo sa palapag ng kasukdulan at pagkalas—ngunit nauntol ang pagkakilala sa palaisipang sino ang talagang naisakripisyo, si Rita o Celso? Isang paradoha ng relihiyon ang naibilad dito. Sabi ni Battaile: "*Insofar as it is spirit, the human reality is holy, but it is profane insofar as it is real…The corpse is the most complete affirmation of the spirit*" (1992, 38-40). Ganap na kamalayan-sa-sarili ang kailangan upang matamo ang nawalang pagtatalik ng espiritu at katawan, ngunit iyon ay walang panahon, samakatwid, kamatayan. Pagnanais, kasanib ng pansariling pakiramdam, ay nagtutulak sa kilos, gawain, o aksiyong sumisira sa bagay na ninais, na nagtatransporma nito—halimbawa, ang pagkain ay nadudurog, nagbabago. Sanhi ng pagnanais, na sumasalanta o sumisira, lahat ng ginawa ni Celso ay pagwawaldas, negasyon, sakripisyo, upang makasali muli sa larangan ng kapalagayang-loob ng kabanalan, ng pamumuspos (*immanence*) ng lahat.

## Pagpapalitan ng Mga Kasangkapan

Sa halip na realistikong dibuho, naaninag natin sandali ang kahulugang nakatago sa mga anino ng mga insidente at karakter. Sinalamin na katotohanan o tunay na datos ba ang naipahayag dito? Ano ang katuturan ng mga suliraning inungkat at kinilates dito? Maisasapantahang naisip ni Aguilar na ang naipagbili ni Danding sa kanyang unang nobelang *Pinaglahuan* (1986) ay maihahawig sa isang puta—katumbas ng halaga ng utang ng ama, si Don Nicanor,

sa naging asawang si Rojalde. Kwalta ang namagitan, ipinalit ang utang sa katawan ng babae, hindi sa puso o kagustuhan, alalaong baga'y isang kalakal sa pamilihan. At ang kalakal (katawang tinatablan ng sakit, katawang-hayup) ay nakatakdang mamatay—mayroong *"expiration date,"* wika nga. Alalahanin: ang puta'y tabu, ang bahay-aliwan nila ay tinaguriang sona ng *"No Trespassing,"* teritoryong mapanganib at tigib ng pahamak, ngunit nagsisilbing suhay ng burgesyang moralidad. Dapat isakonteksto ito sa larangan ng magulong ebolusyon ng relasyong pamproduksyon at etika-politikang kasangkot nito.

Sa simula, nais kong ilapat ang perspektibang historikal-materyalistiko. Sa pangkalahatan, naipaliwanag ni Frederick Engels sa akdang *"The Origin of the Family, Private Property and the State"* (1968) ang pagtimbang sa kasarian. Buhat nang magsimula ang agrikulturang antas ng pagsulong ng produksyong panlipunan, nawalan ng mahalagang papel ang kababaihan. Napako sila sa gawaing reproduksyon sa tahanan, laluna sa panganganak at pag-alaga sa mga bunso't musmos. Nang mapalitan ang barbarismo ng antas ng sibilisasyon (*Oikumene*), ang dibisyon ng gawain—ang pagkawalang-halaga ng trabaho sa tahanan at gawaing pampamilya kumpara sa trabaho sa labas, sa bukid o pastulan—ay nagtakda ng aping estado ng kababaihan. Sa palagay ng ibang iskolar, nawalan ng halaga ang tungkulin ng mga babae pagsapit ng kabihasnan sa siyudad kung saan ang karunungang militar at pakikidigma ng kalalakihan ang naging instrumento sa pagkamit ng poder at paglasap ng yaman (Armstrong 1993, 50). Doon nagsimula ang pag-alipusta sa kababaihan.

Sa saliksik naman ni Johann Bachofen, napalitan ang *jus maternum ng patria potestas* nang natuklasan na ang talino/utak, kaisipan o karunungan, ay mas importante kaysa sa katawan, sa paglunsad ng sibilisasyon ng mga batas na nakasulat, sa yugto ng paglinang ng agrikultura at pag-alaga sa mga hayup sa tulong ng mga kagamitang bakal, yero, atbp. (Lewinsohn 1958, 11-13). Bago naitayo ang disiplina ng monolitikong simbahang Katoliko, itinampok ng mga Gnostikong pantas ang kapantay na halaga ng partisipasyon ng mga babae sa kabuhayan (Pagels 1979). Buhat noon lumaganap ang patriyarkal na pagsasamantala sa kababaihan.

Paliwanag ni Engels hinggil sa transpormasyong naturol: *"The emancipation of women and their equality with men are impossible and must remain so as long as women are excluded from socially productive work and restricted to housework, which is private"*

(1968, 579). Ibig sabihin, hanggang hindi kalahok sa produktibong gawain ang kababaihan at nakakulong sa tahanan, hindi sila kapantay ng kalalakihan. Bukod sa pagkakulong sa tahanan nina Rita, Berta, ina ni Celso, at ang katulong na Marta, kung saan ang ama (makapangyarihang ulo o panginoon ng pamilya) ang namumuno, nakasilid sa konsepto ng Kalikasan ang kanilang panganganak at pagbibigay ng kalinga. Kahawig sa hayop ang tingin sa kanila. Samakatwid, labis sa larang ng gawaing napapakinabangan ang silbi ng ina, ngunit iyon ay pangangailangang hindi maitatatwa. Nakapangibabaw sa Kalikasan (kategorya ng babae) at Kahayupan ang mapagyaring Utak/Dunong ng lalaki. Sa kabilang banda, kailangan ng monogamiya at pagbabawal ng insesto upang matiyak kung sino ang likas na magmamana ng ari-arian.

## Balik-tanaw sa Kolonyalistang Milyu

Walang pasubali na ang sitwasyon ng kababaihan noong panahong ika-1900-1910 ang hulmahan ng aksyon at dalumat ng mga tauhan sa nobela. Sadyang nalimitahan ang sistemang piyudal ng burgesyang kalakalan. Napatunayan ng dalubhasang pananaliksik ni Elizabeth Eviota (1992) na mahigpit na napektuhan ng kapitalistang Amerikano sa panahon ng pananakop ang proseso ng produksyon at relasyong pampamilihan o kalakalan. Bumaba ang bilang ng mga babaeng gumagawa ng produkto sa bahay (tela, sombrero, banig). Karamihan ay nagipit o naipit sa tahanan nang walang bayad ang gawain, at ang iba'y nakuhang empleyado sa serbisyo sa upisina o tahanan ng mga mariwasa. Ang natira'y nakadestino sa serbisyong sekswal o prostitusyon, sa gahasa sa labas o loob ng legal na pag-aasawa na, kung tutuusin, ay legal na paggahis sa katawan ng babaeng pag-aari ayon sa regulasyon ng simbahan at sosyedad sibil (Marx 1970).

Samantala, naghari ang ama/asawang angkin ang monopolyo ng kalugurang sekswal. Nagpatuloy ang sistemang kerida kaakibat sa pamamayani ng ideolohiya ng paglilingkod sa pamilya, at ang *double-standard* kung saan pag-aari ng kalalakihan ang puri ng babae: *"Virginity is seen as a valued commodity in a commercial market; girls who lose their virginity are no longer valuable or saleable in the marriage market."* Upang matugon ang simbuyong sekswal ng kalalakihan, pinahintulutan ang pagbebenta ng katawan/damdamin ng mga pulubing babae. Saad ni Eviota: *"The value of women varies according to the extent of women's function as sexual beings in relation to men…. With the double standard, chastity is the essence of female virtue, with prostitution,*

*promiscuity; one is a virtue for marriage, the other for outside it"* (1992, 22), nakasalig sa relasyon ng pag-aari at kulturang katugma sa pribilehiyo ng kalalakihang samsamin at gamitin ang kakayahang sekswal ng mga babae.

Lumalabas na pinawalang-bisa ni Celso ang dahas ng pagkalalaki nang lumagay siya bilang tagapamagitan. Siya ang paring *mediator*, naghuhugpong sa sosyedad ng mga utilitaryong bagay—ang mundo ng kalapastanganan—at ang banal na rehiyon ng pagkapalagayang-loob. Sa tungkuling ito, si Celso ang Magong nangangasiwa ng ritwal ng pagbayad sa kasalanan, pagpapatawad, pagtatawas, kumunyon o pagniniig. Siya rin ang pinurgang aktor ng pagpapasakit na negasyon ng ordeng walang karisma, karidad o pakikiramay. Sagisag nito ang ospital ng mga nasiraan-ng-bait, ibig sabihin, ayaw tumanggap sa lehetimasyon ng lapastangang kaayusan. Kakatwa na ang sagradong espasyo ay likha ng krimen ng paglabag sa mga batas na pinaiiral ng tribu o komunidad; doon naitapon ang prostitutang pagkatao ni Rita.

## Agenda ng Kalabisan at Pagwawaldas

Bukod sa materyalistikong pananaw nina Marx at Engels, idadagdag rito ang paningin ni Bataille hinggil sa Pangkalahatang Ekonomya (*General Economy*) na bumabalot sa gawaing pangkabuhayan (Bataille 1985, 105-115). Sa pilosopiyang tradisyonal, ang pagkatao at kasaysayan ay bunga ng negatibong bisyon ng tao na baguhin ang kanyang mundo sa paraan ng talino, lakas-paggawa, maniobra sa digmaan at pulitika. Sa prosesong pagyari ng istruktura ng lipunan, kultura, institusyong pampulitika, hindi mawawalan ng pagwaldas ng enerhiya, kalabisan, aksaya, pagkasalaula, pagkasayang. Nagaganap ang sakripisyo ng tao sa mapanganib at mapangahas na kilos. Ani Bataille: *"Sacrifice is in essence the ritual violation of a taboo"* (1962, 104), tulad ng masasaksihan sa relihiyon, pag-aasawa, praktikang sekswal, krimen, pagkamatay. Ang tabu—bagay na nilapastangan, si Rita—ay niyakap ni Celso, na siyang nagsakatuparan ng sakripisyo upang mailigtas ang babae/kasintahan sa hatol ng marahas na lipunang burgis.

Paghihimagsik ang 'di-inilantad na panukala ni Celso at may-akda. Ang paglabag sa tabu ng trabaho, sa poder ng awtoridad (patriyarkal na kumprador, panginoong maylupa) at regulasyon hinggil sa kasarian, ay pangyayaring marahas, nakasisindak—larong tumatanggi at nagkakaila, tinaguriang *"expenditure"* o gastahan ni Bataille (1985, 116-129). Sa matinding kasukdulang erotika na

pumapatid sa siklo ng burgesyang rasyonalidad, bumubukal ang matimtimang kabanalan ng tao, ang pag-aalay o paghahandog na walang inaasahang bayad o gantimpala. Kasabay nito ang ligaya ng soberanyang kamalayan, sa pagkabaliw o pagkasira ng bait, sa kamatayan—ang sinapit nina Rita at Celso. Samantala, nasalanta sina Pepe, Mang Ulpiano at ang kanilang pamilya at naitakwil ang komoditi-petisismo, pagsamba sa kwalta, at mga idolo ng pari at siyensiya sa huli. Ito ang aral o mensahe ng alegoryang hinalungkat natin.

Partikular sa yugtong ito ng kasaysayan ang patalastas nina Marx at Engels. Bago sa lahat, kailangan munang isakatuparan ang paghihimagsik laban sa umaaliping kapital upang maitugma ang kalikasan at *species-being* ng katauhan (Marx 1975, 327). Sa halip na pribadong pag-aari, komunismo o pakikibahagi ng lahat ng kayamanan ang kailangan. Kailangan ng gawaing pisikal, agham, organisasyon. Ang tiwalag dito—sining, laro, marahas na pagsasanay ng katawan at kaluluwa—ay dapat bigyang pansin at pahalagahan, giit ni Bataille, upang masukat ang nasisikil na kakayahan o birtud ng tao.

Tumiwalag tayo sa diktadura ng salapi, tubo, pagsamba sa komoditi o kagamitang lumulupig sa mapanlikhang potensiyal ng sangkatauhan. Sa paningin ng mga Gnostikong sumasampalataya kay Kristo bilang isang gurong nag-alay ng buhay upang mailigtas ang lahat, taglay ng kababaihan ang isang mala-himalang pagsasanib ng mga magkaiba o magkasalungat (Pagels 1988, 70-77). Maingat na suriin ang isang tulang sinambit ng mga Gnostikong Kristyano na rebisyon ng ortodoksiyang dogma: *"I am the first and the last. I am the honored one and the scorned one. I am the whore and the holy one. I am the wife and the virgin… I am knowledge and ignorance… I am shameless, I am ashamed. I am strength and I am fear… I am godless, and I am one whose God is great"* (Pagels 1979, 55-56). Tantuin na katumbas ang paradohang narito sa saloobin ni Rita, at sa ritwal ng pagdakila't pamimintuho ni Celso sa imahen at ulirang representasyon ni Rita sa kanyang isip. Katangian ito ng metamorposis ng mundo ng kalapastanganan tungo sa sagradong kaharian ng dinuhagi't nilapastangan.

Gumagana ang diyalektika ng kontradiksiyon ng kalampasan o nakatawiran (*transcendence)* at pagkakulong sa kagustuhang instrumental ng karaniwang orden. Ang sakripisyo ng lakas sa mga aktibidad na walang kabuluhan, sa punto-de-bista ng burgesya, ay siyang sinapupunan ng soberanya. Ngunit, sa katunayan, mapipisil

iyon sa himutok at panangis ni Rita habang nawawaldas ang lakas ng katawan. Mawawatasan iyon sa hinuha ng pag-aaksaya, ligalig at balisa ni Celso—hindi na kailangang bayaran pa ang utang. Ang nagastang halaga ay alay o handog sa komunidad na sasaniban niya lampas sa kwadro ng burgesyang diwa, ang komunidad ng walang-hanggang katalagahan (Richman 1982, 112-137). Ipinaubaya si Celso sa ospital ng mga walang-disiplina-sa-sarili, sa institusyong kontrolado ng burgesya. Ang mga nasiraan-ng-bait, ang mga rebeldeng tutol sa normatibong kalakalan, ay kinulapulan ng estigma upang masugpo ang 'di-masawatang hinagap, ang maapoy na udyok ng maka-hayup na pangangailangan, na pumpitlag din sa ideyalistikong pangarap at pagnanais. Patuloy si Celso sa paghabi ng mga tula alay kay Rita.

Maitanong natin sa tagasubaybay: Kampi ba tayo kay Celso sa kanyang paninindigan? O kaaway sa kanyang naisakatuparang sakripisyo at kaganapang naranasan niya? Huwego ba ito ng tao laban sa diyos o pakikipagsapalarang marating ng tao ang kabanalang nakapunla sa kanyang pagkatao? Kailangan bang umigpaw tungo sa pakikiisa sa abstraktong diyos o sumisid sa kaibuturan ng ating maramdaming pagkatao?

## Rasistang Rehimen ng Imperyalismo

Ilagay muna natin sa kontekstong historikal ang problema ng mga tauhan dito. Sa unang pag-unawa, maimumungkahi na ang sawing kapalaran ni Rita ay paraan lamang upang maisiwalat ni Aguilar ang sitwasyon ng lipunan at ng bansa sa dekadang ika-1900-1910. Sa pagkagapi sa Republika ng Malolos, pagkabitay kay Heneral Sakay, at pagkasugpo sa iba't ibang rebelyon—kina Papa Isio sa Negros, Felipe Salvador, at mga Babaylanes at Pulajanes sa Cebu, Leyte at Samar, atbp.—nahimok ng 1902 Philippine Bill ang mga ilustrado upang magsilbi sa gobyernong pinangangasiwaan ng mga Amerikano. Napatay si Papa Otoy, ang pinakahuling hepe, sa Samar noong Oktubre 1911. Nahuli si Hen. Artemio Ricarte noong 1904, ibinilanggo at ipinatapon. Patuloy ang oposisyon ng mga Moro sa Amerikanong manlulupig.

Busabos ng imperyalismo ang sambayanan. Umusad ang Patakarang Pilipinisasyon, nahirang sa mababang saray ang ilang edukadong katutubo na produkto ng edukasyong publiko at sistemang Pensionado. Naitatag na rin ang malayang kalakalan, patakarang *"free trade,"* ng Payne-Aldrich Act, na pinanaig ang subordinadong katayuan ng bansa. Pumayag na sina Quezon at

ilustradong prinsipalya na ipagpaliban ang kagyat na kasarinlan upang harapin ang mabagal na pag-unlad ng ekonomiya sa ilalim ng soberanyang banyaga (Constantino 1975, 320-321). Malaking puwang ang naghiwalay sa publiko at pribadong interes, pinagkabit lamang ng kwalta at mga babaeng pinagpapalit at pinagtutubuan upang mapanatili ang reproduksyon ng tiwaling relasyong panlipunan.

Hindi ito haka-haka o sapantaha lamang. Paglimiin ang komentaryo ni Stanley Karnow na *"flawed"* ang U.S. *"performance"*: *"The Americans coddled the elite while disregarding the appalling plight of the peasants, thus perpetuating a feudal oligarchy that widened the gap between rich and poor. They imposed trade patterns that retarded the economic growth of the islands, condemning them to reliance on the United States long after independence. The American monopoly on imports into the Philipines also dampened the development of the native industry. At the same time, the unlimited entry of Philippine exports to the United States bound the archipelago inextricably to the American market. Economically at least, the Filipinos were doomed to remain 'little brown brothers' for years—though many, despite their nationalist rhetoric, found security in the role"* (1989, 198). Sa simula, ang *"little brown brothers"* ay nilait at minura bilang *"gugus", "niggers," "Indian savages"* na taglay ang *"Oriental duplicity," "deceitful and treacherous."* Naipagtibay lahat ito nang mangyari ang 1901 Balangiga masaker ng 45 sundalong Amerikano (Miller 1982, 202-204, 230, 272). Kakilakilabot nga ang mga Indyo!

Lumaganap at sumigasig ang negosyo ng mga korporasyon sa asukal, kopra, abaka, minahan, transportasyon, at manupaktura ng pangkaraniwang kalakal. Nagbago ang panlasa at gawing pangkonsumo ng mga Pilipino; nawili sa sigarilyong Amerikano, "*Virginia-style*," at naging palaasa ang ekonomiya sa pagluwas ng hilaw na materyales at pag-angkat ng produktong yari sa Amerika. Patuloy ang kliyentelismo sa sistemang asyenda at pag-abuso ng mga kasike at panginoong-maylupa. Hihintayin pa ang taong 1917 nang mabuo ang Unyon ng Magsasaka sa Bulacan, at 1929 nang itayo ni Pedro Abad Santos ang Partido Sosyalista sa Pilipinas. Samantala, naghuhunos ang pag-iral ng patriyarkal na awtoridad sa buong bansa. Hindi nakatulong ang Protestanteng ideolohiya, bagkus nagpasahol pa ito dahil sa rasismo: tabu ang pag-aasawa ng puti at may kulay. Isang Amerikano ang nagmalaki na ang kanyang asawang Pinay ay nagsilang ng *"half-caste pickaninnies"* (Karnow 1989, 214). Bagamat nagkaroon ng krusada laban sa prostitusyon,

pinayagan ang *"double-standard."* Pinahintulutan ng Konseho Munisipal ng Maynila ang mga kabaret bilang kapalit sa bordello o putahan (kung saan nalublob si Rita). Diumano'y pinilit isabatas ang utos na dapat magpatingin ang mga babaeng mananayaw at puta kung may kapansanang pangkasarian tulad ng *syphilis, gonorrhea*, at iba pang sakit. Dapat pangalagaan ang salinlahing sabjek ng imperyo.

Isang nakatatawang insidente ang karapat-dapat banggitin dito. Nang magpatalastas na humingi ng pondo noong 1925 sina Gobernador Leonard Wood, Chief Justice Taft at iba pang mataas na pinuno para sa mga ulila, panuyang sumbat ni W.E.B. Du Bois, Aprikano-Amerikanong iskolar: *"The American people in bringing peace and civilization to the Philippines have left 18,000 bastards in the islands! Isn't this fine work? Can you not see the Godly White Race struggling under the Black Man's burden! [The United States government] have somehow let American skunks scuttle from the island and leave their helpless and innocent bastards to beg and perish, and their deserted mothers to starve or serve as prostitutes to white newcomers…."* Nanawagan si Du Bois na dagsain ng mensahe at panawagan ang U.S. Congress *"to lambaste the heads of Congressmen who permit the holding of the Philippines as a house of prostitution for American white men under the glorious stars and stripes"* (1983, 149). Ang siste ay parausan lang ng libog at makamundong kasakiman ang buong Pilipinas!

Paano maisasaanyo ang predikamentong iyon sa danas ng ordinaryong mamamayan? At paano masasapol ang pagkukunwaring nakabubulag ng isang matalisik na kritisismo ng mga institusyong sumusuhay sa institusyon ng gahasa at panlilinlang?

## Ang Kaharian ng Mga Barako

Sa ganitong *interregnum*, ang suliranin ng kasarinlan sampu ng awtonomiya ng diwa ay naitago sa suliranin ng indibidwal sa kolonyang padron. Sa maligoy na salaysay ni Rita sa kanyang pagkahulog sa pakana ni Pepe, mapapansin na puspos ng pagdidili-dili at pagsasakdal-sa-sarili ang kanyang balik-tanaw. Tinukso't ginipit siya ni Pepe, isinasamo ang pag-ibig upang maisuko ni Rita ang kanyang puri. Napuna niyang nanunubok at naninibugho si Berta, ang asawa ni Pepe, na ginawang katiwala ng kanyang inaama. 'Di batid o 'di ipinalagay na wala siyang karapatan bilang tao na ipagtanggol ang sariling dignidad. Paliwanag ni Rita kay Celso: "Ako sana'y magsasalita na, sasabihin ang buong katotohanan upang

mapawi ang kanyang maling hinala, ngunit lumalabas kaya akong malinis pagkatapos?… Ako ba kaya ang paniniwalaang iba pa namang tao at nakikisilong lamang sa bahay na iyon? Malayo! Noon ko nasukat ang laki ng kasawiang palad ko, noon ko nawatasang ako'y nag-iisa at silang lahat ay aking kalaban" (Aguilar 1950, 24). Ni hindi niya nakuha ang habag o simpatiya ng kabarong si Berta. 'Di lamang ang pagkababae niya kundi kawalan ng kamag-anak o salapi, ang nagpalala sa krisis ni Rita.

Matinik ang estratehiya ni Pepe sa paglalaro sa damdamin ng dalawang babaeng sinasamantala niya. Nang maibalitang pasa-Maynila si Rita, lumunok ng lason si Pepe upang ipakita sa asawa na wala siyang dapat ipanibugho. Narsisistikong lansi o lalang ito upang makasilo sa malambot na damdamin ng alaga. Nagamot si Pepe, sinabi niya kay Rita na 'di na dapat siyang umalis; at tuloy natulak si Berta na ibulalas: "Sa aki'y wala na ang lahat mabuhay ka lamang" (Aguilar 1950, 25). Nang matanggal itong balakid na pagdaramayan ng dalawang babae, naisakatuparan ang paglapastangan kay Rita. Kamangha-mangha ang reaksyon ng biktima: "Kinahahabagan ko ang lalaking iyon na may asawa pa naman. Kung bakit ba siya'y nahaling ng pag-irog sa akin gayong ako nama'y 'di nagbibigay-daan" (Aguilar 1950, 26). Ngunit sandali, paano nahimok ng tampalasan ang dati'y mailap na damdamin ni Rita?

Makahulugan ang naisakatuparan ni Pepe, kung ilalapat ang palagay ni Bataille tungkol sa pagtakas sa mundo ng komersiyo. Iyon ay isang tipo ng pagwawaldas, pagwawalang-bahala sa tadhana. Ang krimen ng pagsuway sa pinagbabawalan—pagpapatiwakal o pagbalewala sa buhay, at pagyurak sa dignidad ng babae—ay ritwal sa paglunas sa sakit ng indibidwalistikong pag-iisa. Sa isang banda, kontra iyon sa ordinaryong gawi na lumalabag sa tungkulin ng ama at katiwala. Sa kabilang banda, pagsunod iyon sa patriyarkal na pribilehiyo. Sindak at hilakbot, kawalang-hiyaan at ganid na pagpuwersa, ay katambal ng pag-aalsa't pagtampalasan sa tabu ng pagkagahasa, kaya mahihinuha ang sensibilidad ni Rita noon. Ayon kay Bataille: "*Shame, real or pretended, is a woman's way of accepting the taboo that makes a human being out of her*" (1985,129).

Kabanalan ang bunga ng krimen. Natanggal ang tabu ng pagkabirhen, naging ordinaryong nilalang si Rita. Sa ironikal na pahiwatig, ang terorismong dumuhagi kay Rita ay sakripisyo, simbolikong pagwawaldas, paghubog ng sagradong bagay o danas na salungat sa kwalta, sirkulasyon ng pare-parehong komoditi, alyenasyon sa pamilihan (palitan ng kagamitan o instrumentong

magagamit, halimbawa, ang katawan ni Rita). Regalong walang kapalit ang nawalang puri ni Rita, na pinagtiisang matalukbungan ng naipagbiling produkto ng guni-guni ni Celso. Kung gayon, bumalik ang tabu nang ilagak si Rita sa bahay-putahan, sagisag ng dumi at pagkasalaula.

## Demarkasyon ng Gawaing Panlipunan

Napagtibayan dito ang mapinsalang resulta ng dibisyon ng trabaho sa proseso ng transisyon ng lipunan. Bukod sa pagkaulila ni Rita, siya ay nakulong sa tahanan sa dominasyon ng patriyarkal na pamilya malayo sa publikong kabatiran. Sanhi sa walang kinalaman sa paghahati ng oras ng paggawa, trato sa kanya ni Pepe ay isang alipin, walang silbi kundi ihandog ang katawan at damdamin kay Pepe, ang ama-katiwalang nangangasiwa ng lupain ng amain ni Rita. Ang gahasa ay paghahanda upang ang babae ay tahasang maging isang obheto o bagay, isang kagamitang mabibili at magagamit ninuman.

Tila bugso ng tadhana ang sumalisi. Binabalaan siya ni Pepe, alinsunod sa maginoong asal ng mga korido't awit ng panahon nina Balagtas at mga tagahabi ng pasyon: "Ayaw kang mahabag, ikaw ang bahala sa mangyayari. Ang mga ulol at walang pag-asang paris ko ay walang pananagot sa ginagawa lubha pa't itinutulak ng isang pag-ibig na masimbuyo. May panahon pa. Kundi mo ako iibigin at masisiyahan ang apoy ng pagsintang tumutupok sa aking puso ay umasa kang maging halaga na ng kahi't ano ay papaakin ikaw" (Aguilar 1950, 21). Retorikang mandaraya ito. Sentimentalismong magayuma't nakapanliligaw, kung ikakabit sa isang haliparot at talipandas na lalaki. 'Di nagtagal, si Rita'y "sumuko sa kapangahasan ng tampalasang 'di na nahahabag sa aking pagkamahina" (Aguilar 1950, 29). Kinapootan siya ni Rita, lubhang nagalit: "Kung mahihimay ko lamang ang kanyang laman, kung madudurog ko pati ng kanyang buto ay ginawa na sana upang makilala ng tampalasang hindi gawang biro ang umapi sa mahina" (Aguilar 1950, 29). Alingawngaw ito ng turo nina Rousseau at Kant na pantas ng Kaliwanagan (*Enlightenment*) sa Europa paglubog ng imperyo ng Simbahan sa wakas ng Edad Medya, alinsunod sa nabanggit na analisis ni Engels.

Maituturing na si Rita ay ginawang sakripisyo ng makapangyarihang lalaki/ama. Bahaginan o salu-salong unawaan ng dalawang kamalayan ang bunga ng sakripisyo. Mahuhulo din iyon sa proseso ng pagdurusa ni Rita na nagdulot sa kanya ng katangiang sakramental. Ayon kay Bataille, "*The sacred is only a*

*privileged moment of communal unity, a moment of the convulsive communication of what is ordinarily stifled*" (1985, 242). Lumitaw ang mahiwagang salik sa karumihan, sa pag-aaksaya o pagwawaldas, sa sinumpang kamunduhan. Diyalektikang pag-ikot ng mga kontradiksiyon ang masisipat sa motibasyon ng huling dalawang kabanata. Bumalikwas sa makamundong kasalanan, sa pagkasalaula sa lusak ng watak-watak na ordeng walang pakundangan, ang paghihirap ni Rita at pagkalinga ni Celso. Kaipala'y pumaimbulog sila sa rehiyon ng mapagbigay at mabiyayang kalikasang kadluan ng nagbanyuhay na humanidad—ang komunismong ideyal ng rebolusyonaryong proletaryong kilusan, antitesis ng salapi at petisismo ng nabiling bagay.

Sa pagsisikap maihabi ng naratibo ang pagkasawi ng babae, nagkaroon ng kamalayang-sarili ("*self-consciousness*" at pagkilala) at karapatang pantao si Rita. Unang hakbang ito sa paghihimagsik. Kalangkap iyon ng sakripisyo't pagwawaldas na nabanggit. Ang diyalogo ng dalawang protagonista ang nagsilbing matris sa pagluwal ng talambuhay ng dalawang kapwa itinakwil ng burgesyang lipunan, busabos hindi ng palad kundi ng kongkretong kondisyon ng ugnayang panlipunan at ideolohiyang umuugit sa pakikisalamuha ng bawat tao. Bumulas ang makamundong kasalanan sa kahinugan ng komunidad na nakahulagpos mula sa piitan ng kwalta, komoditi-petisismo, pribadong pag-aari, tubo, monopolyo-kapitalismo. Maituturing na rebolusyong pang-ideolohiya ito laban sa paghahari ng monopolyo-kapitalismo, ng imperyalismong Amerikano noong pagbukas ng siglo 1900.

Sandaling makisabad: si Rita ba ay inkarnasyon ng makabagong Gabriela Silang? O inkarnasyon ng mabangis na lobong ina na gumala't naging kakila-kilabot na banta sa mga prayleng umutas sa buhay nina Padre Burgos, Gomez at Zamora dalawang dekada bago sumabog ang Himagsikang 1896 ng Katipunan? Siya ba ay simbolo ng mapaghiganting persona ng kababaihan tulad ng maalamat na Romanang Lucretia (Jed 1989; Thompson 2004)?

## Pagbuwelta ng Tala, Katumbalikan ng Kapalaran

Sa maramdaming pagsasalaysay ng awtor nahulma ang pagkasangkot ng "palad" na pumapatnubay sa ekonomyang pampulitika ng bansa. Nabatid na natin ang basehang materyal na pinagbuhatan ng kasawian ng magsing-irog. Ang pamumukod nina Rita at Celso ay bunga ng alyenasyong bumabalot sa lipunan dahil sa palitan ng salapi/komoditi na batayan ng kabuhayan. Reipikasyon

(ibig sabihin, salapi o komoditi ang tumatabing sa hayagang pakikitungo) ng relasyong panlipunan ang resulta. Sintomas ang sukab na pagpilit kay Rita, isang laro ng karahasan ng lalaki, pagpapatibay sa nasunggabang kapangyarihan ng kalalakihan—walang tuwa o galak ang napitas sa oportunismong pagpalayaw sa libog. Kakatwa o baligho na walang galak o sarap ang nakamit sa pagpapasasa sa kasakiman at paglamuyot sa katawan ng babae.

Bukod sa libog, pinuhunan ang paglapastangan. Lumundo sa pakanang gamitin ang nagamit-na-katawan ni Rita bilang sangla sa utang na kinuha ni Pepe. Layon ng gahasa ang tanggalin ang pagkabirhen ng babae, ipalaglag ang sanggol, at ipagpalit ang katawang nahalay sa salaping inutang. Panalo ang kapitalistang ekonomiyang nagtatakda sa kapalaran ng bawat mamamayan: hindi mo pag-aari ang inyong katawan, wala kang karapatang angkinin iyon.

Kompetisyon sa pagkamal ng yaman/kwalta, palitan ng kagamitan, lamangan—ito ang normatibong panuntunan sa burgesyang *status quo*. Sa simula pa lamang, magkatambal na ang pagtatalik ng mga katawan sa mediyasyon ng salapi at merkado sa tema ng nobela. Kung ang pag-ibig ay kusang inihahandog, regalong 'di-kailangang gantihan—sakripisyo sa aksaya't kusang pagbibigay, ayon kay Bataille (1992, 52-56), magwawagi kaya ito sa batas ng pagpapalitan ng mga babae na lohika ng tabu sa *incest*? Ang pagbabawal sa *incest* ay kailangan upang magarantiya ang reproduksyon ng pagmamana ng yaman ng bawat salinlahi alinsunod sa dugo ng ama. Batay sa pag-aaral nina Marcel Mauss at Claude Levi-Strauss, nakatindig sa unibersal na pagbabawal sa *incest* (kaakibat ng imperatibo ng *exogamy*), ang institusyon ng pamilya ay umaandar sa bisa ng mga prohibisyon at regulasyong gumagabay sa pag-aasawa, linya ng kamag-anakan o pagkakaugnay sa dugo at pakikipagpalitan ng mga tribu (Hays 1964; Godelier 1975; Murphy 1970). Kung gayon, sumusunod si Celso sa batas ng pagbabawal sa *incest*.

Paglabag sa tabu, pagtitinda ng serbisyong sekswal, at hilakbot sa lupit ng parusa ng magulang at publiko—ito ang mga elementong pinagtali-tali bilang palatandaan ng pambubusabos. Tumutol si Celso, sinaway ang utos ng lipunan, bagamat napilitang ibenta ang likha ng imahinasyon upang ihandog ang kwalta sa kaligtasan ng biktimang babae. Sa bangis ng ama at lupit ng sinakop na bayan, walang kaganapan ang sakripisyong naisiwalat. Sa bisa ng pagtulong ng ina, si Aling Memay, nalusaw ang *Oedipus-Complex* at

nailuwal ang suwail na sabjek na tumiwalag sa kapitalistang orden (Foucault 1980; Zaretsky 1976).

Gayunpaman, ironikal ang resulta ng mga pangyayari. Sa matinding balisa at ligamgam ng kalooban, dumanas si Celso ng umaapaw na panimdim na pumigtal sa kamalayang subalterno. Sa halip na maigiba ang institusyon ng salapi at putahan, nasira ang bait ng tagapamagitan sa mundo ng kalakalan/kagamitan at sa mundo ng matimyas na kapalagayang-loob. Naglaho ang tunay na makataong kaayusan. At sa maniobra ng tagapagsalaysay, nauwi sa pagkadestino ng mala-saserdoteng tagapagligtas sa babae—afirmasyon ng kanyang dignidad bilang tao—sa institusyon ng mga baliw. Pahiwatig ba nito na kontrolado ng piyudal-burgesyang awtoridad ang sekswalidad, imahinasyon, saloobin, pagkatao (katawan at kaluluwa), sa huling pagtutuos? Saang panig ba kumakatig ang awtor?

## Krisis ng Pagpintuho sa Propiyedad

Walang patlang ang naratibo ng pakikipagsapalaran ni Rita. Kumpisal sa kasintahan ang pumalit sa normal na komunikasyon. Ipinagtapat ni Rita kay Celso ang detalye ng pagkapariwara, subalit nagdududa pa rin na wala siyang sala sa nangyari: "Ang nangyari sa aki'y hindi mapaghihinawan ng paghihinaw Pilatos, sinoman ang makatatalastas ay sapilitang may isisisi sa akin kaya ako'y tumahimik at nagkasya na lamang sa pagluha" (Aguilar 1950, 29). Nang mabuntis, lalong natabunan si Rita sa kahihiyaan. Sinayang ang bunga ng paglabag at pagsusuwail. Idinala siya ni Pepe sa isang tirahan sa Maynila, na siya ngang bahay ng bilihan ng trabahong sekswal ng mga babaeng upahan, mga babaeng napikot at nabihag. Ginawa siyang *collateral* ng utang ni Pepe, isang komoditi—"babae ng lahat." Komunismong huwad. Labag ito sa panuntunan hinggil sa *incest*. Sagradong alay sa balighong kaayusang nag-aaksaya, nagwawaldas, sumisira sa kalikasan, sa tingin ni Bataille.

Mapusok si Rita sa pagtatanggol ng sariling dignidad. Nang takutin niyang isasakdal ang "madreng" may-ari, tugon kay Rita ng operator ng tindahan ng erotikang bilihin: "Nagbabayad ako ng ukol na buwis, at ang babaing mapasasaakin ay babaing nagbibiling talaga ng katawan sa lalaking dumulog" (Aguilar 1950, 32). Respetableng subalterno ang kausap niya. Apat-na-raang piso ang katumbas niya. Nagkaroon siya ng kabatiran sa sulat ni Pepe na sinipi niya sa pagsasalaysay kay Celso. Ang sulat ni Pepe ay wangis hatol ng tadhana, determinasyon ng isang makapangyarihang diyos

o bathala: "Huwag kang mag-isip ng anumang higanti at wala kang mararating…. Unang-una'y ibinabalita ko sa iyo na ngayo'y hindi na ikaw si Ritang malinis, kundi isang babaing may mahalay na kabuhayan. Lahat ng paraang maipagsasakdal mo ay aking naayos, at ngayo'y walang-wala nang malalabi sa iyo kung 'di makiayon sa iyong palad." Sa pagwawaldas na ito sumupling ang pigura ng sagradong biktimang inihandog sa altar ng paglulustay at pagmumudmod ng likas na yaman ng artistang si Celso. Kaipala'y gumanap ng papel ng *shaman* na tanging namamagitan sa daigdig ng mga bathala at lugar ng kasuklam-suklam na kasalanan, sa kabanalan at kamunduhan.

Binansagang tabu at kinalupulan ng estigmata ang babae, partikular ang taktak na instrumentong magagamit ng sinumang magbabayad. Babae siya, pero kagamitan o instrumento ng sinumang lalaking may kwalta. Ang pangalan ni Rita ay ilalagay sa talaan na ipadadala sa pamahalaan, na siya'y nakalagda sa isang "katibayang nagsasaad ng aming mga pinagkasunduang bagay." Isang kontrata ang gumapos sa babae. Hindi niya mauusig si Pepe sapagkat hindi ito ang nakipag-usap sa madre, at hindi rin niya maisasakdal ang madre "pagka't ako ang lumalabas na nagkusa sa pagkuha ng kuwalta at nangakong magbibili ng laman." Nabulusok sa isang predikamentong malalim: "Makapagsasakdal ako dili hindi, ngunit isang babae bang masama ang mag-uusig ng kapurihan?" (Aguilar 1950, 33). Wala siyang karapatan sa harap ng korte o institusyon ng hustisya sa kolonyang sakop. Nabitag si Rita ng mga institusyong patriyarkal at makaburgesya.

Tunay na nailagak sa isang kuwadrong masikip si Rita. Una, ang sistema ng bilihan ng katawan ng babae ay tanggap na, lalo na sa sistema ng pangungutang (*credit system*) simula sa yugto ng merkantilismong kapital. Iyan ang pampinansiyal na kaayusan sa kalakalan, sa ugnayan ng bumibili-nagbebenta sa pamilihan. Maisisingit dito ang huwaran ng pagbibili ng serbisyong sekswal na nagawang legal sa imperyong Roma: *"The Roman jurists defined a prostitute accurately as a woman who earns her livelihood with her body (quae corpore meret). The official word for her was meretrix—earner"* (Lewinsohn 1958, 70). Hindi ito tanggap ng mapagkunwaring burgesya. Pangalawa, ang pagka-birhen ay tatak pa rin ng puri o karangalan ng kababaihan sa sistemang piyudal, na tumatayong presyo ng babae bilang asawa ng taong may ari-ariang ipamamana. Makapangyarihan pa rin ang kalalakihang nag-aangkin ng birtud ng mandirigma (Harris 1977). Pangatlo, ang patriyarkal na orden, ang mga ama, ang naglalapat ng hatol sa kalagayan ng dalagang-anak. Amin ni Rita na naging "makina" na lamang siyang magpaparaos

sa simbuyong libog ng mga lalaking bumibilil. Isang kagamitan o instrumentong hawak ng iba.

Humantong na tayo sa sangandaang mapanganib. Nasugpo "ang bunga ng katampalasanan ni Pepe," at 'di kalauna'y nabilibid ang lalaki hindi dahil sa dahas na ginamit sa pagyurak ng karapatan/ dignidad ni Rita kundi "dahil sa kasalanang pagdaraya" (Aguilar 1950, 33). May utang pa rin si Rita, dalawang-daang piso na ang natubos niya, katumbas ng dalawang daang lalaking bumili ng kanyang katawan. Tila isang tropa ng sundalo ang bumagtas sa kanyang katawan bilang landas tungo sa pakikihamok. Walang tinitimbang dito kundi salapi, pagkasangkapan sa katawan ni Rita bilang makinang paupahan. Nasaan ang diwa, budhi, mabuting kalooban ng ipinagmamalaking demokrasya't makataong lipunan ng imperyong sibilisado?

## Pagtuklas at Pagkilala

Sa kapitalismong orden, lahat ay maipagpapalit sa kwalta na sukatan ng halaga. Sa diskursong sosyolohikal at pampilosopya, ang pangingibabaw ng salapi (halagang-pampalitan; *exchange-value*) ay pahiwatig ng pag-iral ng transaksiyong impersonal at 'di-makatao. Dahil sa salapi, nakukuha ang lahat ng bagay na makalulugod at makaaaliw sa bumibili, kahit na bagay na binalewala, sinayang, winaldas. Tinalakay ni Karl Marx ang kapangyarihan ng salapi sa burgesyang lipunan sa kanyang *Economic and Philosophic Manuscripts* (1844):

> *… Money is the pimp between man's need and the object, between his life and his means of life. But that which mediates my life for me, also mediates the existence of other people for me…. Is [money] not, therefore, the universal agent of separation? It is the true agent of separation as well as the true binding agent—the [universal] galvano-chemical power of society…. The overturning and confounding of all human and natural qualities, the fraternization of impossibilities—the divine power of money—lies in its character as men's estranged, alienating and self-disposing species nature. Money is the alienated ability of mankind…. Money is thus the general overturning of individualities which turns them into their contrary and adds contradictory attributes to their attributes…. It therefore serves to exchange every*

> *property for every other, even contradictory property and object: it is the fraternization of impossibilities. It makes contradictions embrace* (1964, 165-169).

Sa interbensiyon ng kwalta sa negosyo, ang magkasalungkat ay nagsisiping, nagyayapos. Kung ilalapat ang persepsiyong ito sa ating pagsusuri, lumilitaw na ang transpormasyon ng *status*/ posisyong panlipunan nina Rita at Celso ay nangyari sa grasya ng salaping inutang ni Pepe. Subalit ang pangungutang ay posible lamang sa isang ordeng inuugitan ng mga batas na nagpapatibay sa pribadong pag-aari na maipapalit sa salapi, kung saan ang salapi ang batayan ng pamilihan at paghahanap-buhay. Kwalta ang lumulutas sa hidwaan, banggaan, alitan o pingkian ng mga puwersang nagpapagalaw sa burgesyang lipunan.

Sa pagnanais ni Celsong matubos at mapalaya si Rita, kinailangan niyang kumita ng salaping itutumbas sa "presyo" ng kalayaan ng sinta. Pinalayas siya ng ama, walang inintindi kundi ang adhikang matubos si Rita: "Sa silakbo ng pag-irog, sa alab ng pagsinta ay walang kamatayan. Lahat ay buhay at sigla, lahat ay aliw at kaligayahan" (Aguilar 1950, 38). Kodigo ito ng romantikong pananampalataya ng maginoong kabalyero. Sa diskurso ni Denis de Rougemont tungkol sa mito nina Tristan at Isolde, erotikang pag-ibig ang primaryang udyok sa buhay, hindi kasal o kooperasyon ng mag-asawa upang magkaanak (1969). Walang inilarawang genitalya o pisikal na kilos ng magkasuyo; pawang pahayag ng pagyakap o pagsamba sa birtud (ganda, bait) ng babae na tila espiritung tumutukso't gumaganyak sa pinakasasabikang sarap ng pag-iisa ng dalawang magkasuyo sa kamatayan. Tila layon ay pakawalan ang espiritung nakabilanggo sa luwad na katawan—isang Gnostikong hilig ng mga sinaunang Kristiyano (Pagels 1988; Rahner & Vorgrimler 1965, 184-186).

## Ang Kayumangging Kabalyero

Si Celso ang bayaning Tristan sa mala-burgesyang Maynila. Ayaw niyang lumuhog at humiling ng tulong sa mga kamag-anak. Kinailangan niyang humanap ng "mapapasukang sukat ikita ng ikabubuhay"—tatak ng nagsasariling indibidwal sa burgesyang orden. Batid niya na ang panukala niyang "sukuban, pagpalain at isadakila" ang babaeng napakaapi, ay magbubunga ng kapaitan, paglibak at pagdurusta. Walang kailangan, lubos siyang sumusumpang tuparin ang "isang katungkulang marangal." Sumagi sa isip niya ang

"manghuhulang taga-Nazareno" na nagpatawad. Hindi, ang ibig lamang ni Celso "ay tangkilikin si Rita, iligtas, hanguin sa pagkakabaon sa burak. Ito ang udyok ng kanyang puso, ito ang makapangyarihang utos ng budhing sarili at siya namang gagawin" (Aguilar 1950, 45). *Caritas* at *Agape*, hindi *Eros*, ang gumaganyak sa kanyang kalooban. Huwag nating kalimutan na tinulungan siya ng kanyang ina, isang paglabag sa patriyarkal na rehimen.

Masinsing paglimiin ito: hindi tuwa o pagpasasa sa ligayang erotika ang hangad ni Celso kundi pagtupad sa "utos ng budhing sarili." Isang pagsunod sa *"Categorical Imperative"* ni Kant, isang tungkuling unibersal kung saan dapat itaya ang tao bilang pinakamahalagang prinsipyong hindi magagawang instrumento lamang. Nang makatagpo ang katoto't kadaupang-palad, sinalaysay muli ang nangyari sa unang bahagi ng nobela, at inulit ang kinasapitang suliranin ni Rita hanggang mapunta sa kalagayang "pinagsawaan ng lahat." Sa pakikibahagi ng danas niya nabuo ang komunidad ng mga mapagkawanggawang kalooban.

Hinarap ni Celso ang problemang etikal at moral. Pagkatapos ng pagtatanggol ni Celso sa kanyang panukala, binalaan siya ng kaibigan na masaklap na pagpula ang ipupukol sa kanya kung makikisama sa "isang babaing hango sa burak." Dagling pakli ni Celso sa kaibigan na ang pag-ibig niya ay dakila, at susundin niya ang ipinag-uutos ng puso: "Ang kapurihan, katoto, ay nagkakakulay ng ayon sa matang tumitingin. Ang gagawin ko'y mangyayaring ipalalagay ng iba na pagsira sa kapurihan kong sarili, ngunit sa palagay ko ay hindi bagkus isang gawang marangal… Naniniwala ako sa kabutihan ng aking nilalayon at makagawa lamang ng magaling ay nagtagumpay na ako" (Aguilar 1950, 49). Pumasok na si Celso sa sona ng ipinagbabawal, sona ng kabanalang kakabit sa tabu ng ginahasang birhen. Tinig ito ng mago/saserdoteng taglay ang karismang nagdurugtong ng sekular/makamundong espasyo at sagradong teritoryo, pinapatnubayan ng babaeng naging *pariah* at isinumpa ng lipunan.

Ilang obserbasyon ang maisususog dito. Una, gunita at repleksiyon ng kamalayang pansarili ang bumabalangkas sa identidad ng protagonista. Tatak ito ng modernistang estilo sa sining. Pangalawa, ang ideya hinggil sa alituntuning moral—ang purong batas na dapat sundin ng konsiyensiya ng tao—ay abstraksiyon kung ito ay tiwalag sa kostumbre at kinagawian ng masa kung saan nakaugat ang konsepto ng kabutihan, ginhawa, ganda. Ito ang tuligsa ni Hegel sa *Phenomenology of Spirit* (1977) at

*The Philosophy of Right* (1952) sa pormalistiko't hungkag na *maxim* o tagubilin ni Kant. Sa pananaw ni Hegel, magkakaroon ng laman ang katungkulan kung ang tao'y sumusunod sa hinhingi ng kanyang situwasyon sa kongkretong lipunan. Kailangan mayroong ordeng etikal, mga matinong batas ng Estado batay sa mga kaugalian; kung wala ito, hindi malilinang ang likas na birtud ng mamamayan na salamin ng pakikitungong etikal (Hegel 1952, 7-9; tingnan ang kritika ni Marx [1970]). Sa lipunan nina Celso at Rita, walang gayong orden sapagkat bawat mamamayan ay nakasingkaw sa pagtaguyod ng personal na layon: pagkalap ng salapi, laging paggiit sa pribadong interes. Utilitaryanismo't indibidwalistikong kapakanan ang unibersal na panukat at pamantayan, hindi ang totalidad ng kabuhayan at kapakanan ng buong lipunan.

Sa masinop na pagsisiyasat, maaaring maunawaan ang alternatibong proyekto ng mga tauhan sa nobela. Maituturing na ang paglilinis sa reputasyon ni Rita sa sakripisyo ay lumikha ng sagradong talab sapagkat binalewala ang mundo ng utilitaryong pamumuhay. Sa paglisan sa publikong lunan, siya'y naging 'di-mahihipong bagay, isang tabu. Pinawalang-bisa ang kwalta na instrumento ng dangal/respeto ng subalternong madla. Pinurga ang makamandag na kapaligiran. Sa lihim o tagong kanlungan, isang radikal na kalayaan ang lumapag sa silid ng dalawang magkasintahang nakaharap sa walang hanggang kinabukasan: kamatayan, kabaliwan (Bataille 1992, 75-77). Nalubog sila sa larangang matimtiman (*intimacy*) kung saan masidhi at marubdob ang paglasap ng enerhiya ng buhay. Pumalag sila't pumaimbulog sa sona ng pakikipagkapwang matimyas at dalisay. Ito kaya'y malikmatang ilusyon, mistipikasyon o taktika ng kapalarang mapanukso?

## Imbestigasyon ng Awtonomiya

Masalimuot ang usapang naungkat dito. Mainam na suysuyin natin ang etikang deontolohikal ni Kant na natukoy na natin. Nakapokus iyon sa katungkulang dapat gawin ng bawat nilikha, obligasyong dapat tuparin batay sa wagas na pangangatwiran kaakibat ng unibersal na aplikasyon (Kant 1957, 336-337). Tumalima tayo sa batas ng likas na rason. Sa gayon, naipagtitibay nito ang ating kalayaan sa pagpapasiya, ang kasarinlang personal na katambal ng ating esensiyang rasyonal. Ang wastong kilos ay dapat piliin dahil rasyonal, makatwiran, pangkalahatan.  Ito ang deklarasyon ni Celso bilang lohika ng kanyang pagsisikap na iligtas si Rita. Bukod sa may

hilig pagka-romantiko, alagad si Celso ng kabihasnang ibinunto ng Kaliwanagan (*Enlightenment*) at nilinang nina Rousseau, Goethe, Schiller, Coleridge, atbp.

Sa masusing pagsipat, mungkahi ng punto-de-bistang natukoy na dapat isaalang-alang muna ang prinsipyo ng kabutihan na masisinag sa aliw, ligaya, tuwa (hedonistikong etika nina Epicurus, J.S. Mill). Mauurirat din rito ang etikang klasiko (Aristotle) na nakasentro sa birtud na bunga ng mahusay at magaling na aksyong may kaganapang maipagkakapuri sa lahat. Sa tulong nitong dalawang pangitain-sa-daigdig, maiging pagnilayin ang layon ng anumang balak, hindi lamang ang resulta o kahihinatnan nito. Naipagsanib ang dalawang aspektong hinimay dito sa perspektibang sumasalungat sa komoditi-petisismo, ang erotikang karanasan ng paggastos at pagwaldas, hango mula sa teorya ni Bataille na ipinaliwanag ko sa unahan.

Sa epistemolohikang paglilirip, hindi obhetibo kundi suhetibo ang punto-de-bista ng binata. Sa pagninilay ni Celso sa kanyang panukala, ang prinsipyong nakataya sa intensiyon niya ang importante, "isang banal na katungkulan ang kumandili kay Rita" (Aguilar 1950, 54-55) sapagkat ang babae ay karapat-dapat na galang, dakila, mapagkalinga, mapagbigay—kahit pasakit at kabiguan ang kanyang nalasap; kahit pinaratangan pang makasalanan ang kanilang ugnayan. Malamang umaangkas ito sa ideolohiyang maternal, na sinuri ni Rose Torres-Yu (2006) sa isang pag-aaral. Ang pagkaganap sa binabalak ni Celso ay gantimpala na mismo na magbibigay-katuturan at saysay sa kanyang ginawa. Sa ibang kuro-kuro, mas malapit ang dalumat niya sa humanistiko't naturalistikong birtud (kagandahang-loob, magpagkawang-gawa) na inilahad ni David Hume sa *An Enquiry Concerning the Principles of Morals* kaysa sa matigas na tagubilin ni Kant o ni Plato (1955). Si Hume at Kant ay kapwa inspirasyon ng utilitaryanismong doktrina na kumalat sa industriyalisadong lupalop, at naging programa ng imperyalismong Europeo at Amerikano mula ika-1800 dantaon hanggang sa kasalukuyan.

Usisain natin ang dalumat ng lalaking umiibig. Sa gitna ng masalimuot na hidwaan at pagtatalong ideolohikal na masisilip sa takbo ng kanyang kaisipan, laging idinidiin ni Celso ang abstraksyon ng kanyang pag-ibig sa isang malabong metodo: "Ang pag-ibig kailanma'y dakila at malinis. Kung ang pagsisisi'y ikinakakalas sa kasalanan, ang pag-ibig ay humugas sa anumang dungis. Ako'y umiibig kay Rita at ang isang umiibig ay walang muni-muning sarili,

hindi nagpupuna sa bulung-bulungan. Ang tunay na pag-ibig ay 'di nangangailangan ng pagkalugod ng marami…" (Aguilar 1950, 54). Muli, ang pokus dito ay *Agape* o *caritas*, hindi *Eros*. Bigwas ito sa utilitaryanismo. Gayunapaman, may masasalat na bahid ng *ethical egoism* at pagkamakasarili na pasaring ng awtor. Pinipilit pa rin ni Celso na ipinaglalaban niya ang simpatiya at pakikiramay sa sinumang kailangan ng ayuda, pag-ilag sa sakuna, o tulong sa paglunas ng sakit. Ibig sabihin, sasaklolohan niya ang sinumang babaeng biniktima ng dahas ng patriyarkal na poder. Humigit-kumulang, pakiwari kong ito'y sintomas ng paglihis sa kontrata ng sibikong kalipunan, ang *Sittlichkeit* ni Hegel (1977).

Balintunang impresyon ang kinalabasan. Nang matubos na si Rita, payo ng babae sa nagagalak na tagapagligtas: "Mula sa sandaling ito ikaw ay patay na." Tunay na propetikong diyagnosis, mula sa desgrasyada. 'Di inalintana, sagot ni Celso: "Tumawa na ang tatawa. Ginawa ko ang ganito sapagkat siya kong katungkulan." Sumbat naman ng babae: "Ngunit may kapisanan, may mga tao, may kaugalian" (Aguilar 1950, 59). Napakalinaw at matalisik ang pormulasyon ng awayan ng diwa rito. Ipinamalas ni Aguilar na hindi lamang siya kumiling sa *motif* ng "masamang babae na may ginintuang puso" na napoot at tumiwalag sa walang konsiyensiyang lipunan. Ang kasamaan niya ay pahiwatig ng kabulukan ng kinalalagyan. Ang pagtataksil at pagsumpa sa kanya ng ipokritang lipunan ay sagisag ng malubhang salot sa buong sistema ng kolonisadong mentalidad. Hindi malulunasan ang sakit na iyon sa indibidwal na pagtutol o pagtakas—kailangan ang kolektibong pagbabalikwas—kaya ang resulta ay umabot lamang sa tagumpay ng burgesyang lipunan sa pagkukulong kay Celso sa ospital ng mga baliw.

Bukod dito, ang oryentasyong panlipunan ay nanatiling tagilid. Iyon ay nakasalig sa pagsasamantala at subordinasyon ng kababaihan, estrukturang binubuo (ayon kay Frigga Haug) ng "*the system of the division of labor operating throughout society, the gender-specific ascription of the role of reproductive tasks (caring for the family) and the system of cultural values and norms*" (1992, 171). Mula pa noong sinaunang yugto ng agrikulturang ekonomiya, at pagmonopolyo ng kakayahang militar ng kalalakihan, ang tahanan at pamilya ay nagsilbing bilangguan ng babae.

## Pag-inog ng mga Kontradiksiyon

Dagdag na pasubali ito. Hindi naman tuluyang naging bulag o hibang si Celso. Isang halimbawa na mulat siya sa kapaligirang panlipunan, sa materyal na kinalalagyan, ay masisipi rito. Nang itaboy siya ng ama, lumakad sa lansangan ng Maynila hanggang makarating sa daungan o *muelle* kung saan namasid ang maraming manggagawa. Ang mga bapor ay nagpagunita sa kanya "ng malaking ikinasulong ng isipan ng tao sa lahat ng gawang pakikinabangan. At napalarawan tuloy sa kanyang isip ang araw-araw ay pag-agaw ng tao sa katalagahan ng sari-saring gamit na naiuukol sa mga hanap-buhay" (Aguilar 1950, 43). Pagkilala ito sa burgesyang ordeng nakaugat sa pagpapayabong ng tubo sa pagnakaw ng halagang yari ng uring manggagawa at tiwaling operasyon sa pamilihan, na siyang unang aral nina Marx at Engels. Ito ang nabuwal/bumagsak na lagay ng tao sa sekular at makalapastangang kaayusan.

Namasdan ni Celso ang modernismong teknolohiyang dala ng imperyalismong U.S. at indibidwalismong mapanghamig. Tarok din niya ang utilitaryanismong pananaw sa likod na kaunlaran sa lungsod. Gayunpaman, 'di nalingid ang panganib ng bayarang trabaho. Nasaksihan niyang nadurog ang paa ng isang ordinaryong obrero na nabagsakan ng isang mabigat na kahon, na nakayanig sa kanyang puso: "Pagkawala nga namang kandili ng mga manggagawa. Saanmang dako'y hubad sila sa maraming bagay na kailangan, at sa katunayan ang gayong pangyayari ay 'di sasalang 'di man lamang papansinin ng pinag-aarawan ng napalungi. At ang naharap tuloy ng pagkukuro ay ang mga anak dalita. Kaya lamang napaalis doon ay nang totoong tanghalli na" (Aguilar 1950, 43). Sa tulak ng problemang gumigiyagis kay Celso, naputol ang simpatiya sa kalunos-lunos na lagay ng mga trabahador.

Isang krisis sikolohikal ang pumilit kay Celsong maghanap ng trabaho bilang kompromiso. Bago tubusin ang desgrasyada, isiningit ng awtor ang mga pagmumuni-muni ni Celso na nagulumihanan sa imahen ng mga lalaking gumagamit kay Rita. Minsan, nabalino siya sa apula't pagkutya sa kanyang ginawa, mga tinig na nagsasabing "bagong bayani siya ng katunggakan." Hindi pa lubos na nagwalang-bahala si Celso sa madlang hukom na humatol sa iskandalong kinasuungan niya. Maipapalagay na ang kritisismo ng lipunang kolonyal ay alingawngaw mula sa ulirat ng nobelista:

> Hindi masabi ni Celso kung bakit gayon na ang kapisanan: ayaw makakikita ng ibang mga pangyayari,

> ayaw makapagmasid ng isang gawang hindi karaniwan. Alinmang bagay ay pinadaraang pilit sa maiksi at kapos niyang panukat, ibig makapaghari sa lahat, galit makaririnig ng isang pagsuway, ang kanyang mga tadhana'y pinapagiging utos, at lubhang napakalupit naman sa pagpapatupad. Nagtatakda ng mga kaugalian at hilig ng loob, lumilikha ng mga kasamaan at kung makakita ng masama ay siyang nasusuklam na una-una at kunwa'y nagpipikit ng mata sa pagkarimarim, bago'y hindi diri ang iginagawa ng gayon, kundi ang pagkahambal sa kanyang mga gawang sarili.
>
> Napakaaba ang tao, at lalo pang napakaimbi ang kanyang mga palakad sa buhay at pagsasamahan. Hindi mapagkuro ni Celso kung bakit ang isang likha ng katalagahan, paris ng tao, na puspos sa kaningningan at maraming biyaya, ay magkapusong-ganid
> (Aguilar 1950, 53).

Ito na marahil ang buod ng mala-didaktikong tuligsa ni Aguilar sa pamantayang kolonyal/piyudal na pumayag makalusot ang krimen ni Pepe, ang pahintulot sa prostitusyon, ang kalupitan ng ama. Nakabilad dito ang paglagom sa kontradiksiyon ng burgesyang *status quo* kalangkap ang piyudalismong barbarismo. Kakatwa ang sitwasyon: pagsuob sa kalayaang personal upang mapabuti ang sariling kapakanan sa gitna ng mabangis na digmaan ng bawat isa—lobong sumasakmal sa ibang lobo (ayon kina Hobbes 1963 at Darwin 1988)—na tatak ng anarkiya ng pamilihang kapitalista. Paano malulutas ito maliban sa paglayo sa sibilisasyon, pagpapatiwakal, pagpapaubaya sa tadhanang kamatayan, sa kabaliwan? Malagim at malungkot ang musikang mauulinigan sa isip ni Celso at ng tagapagsalaysay. Mapait ang lasa ng nakalipas, maalingasaw ang kasalukuyan, masungit ang tanawin ng kinabukasan.

## Pananabik sa Kasukdulan at Pagkalas

Sinira ng dalawang tauhang itinaboy ang kostumbre at kontratang sosyal. Sa kongkretong situwasyon ng alyenasyong sumaklot sa pamilya—kina Pepe at Berta, kina Mang Ulpiano at ni Aling Memay, kasangkot na si Aling Marta—ang solusyon ay indibidwalistikong hakbang: pagbenta ni Pepe sa ginahasang Rita, pagtakwil ni Mang Ulpiano kay Celso bilang suwail na anak—alusyon sa mito ng patriyarkal na may monopolyo ng aliping sekswal. Lahat na iyon ay penomenang historikal-sosyolohikal. Naisakatuparan ang

natukoy ni Marx: naghahati ang salapi, nagsasanib din (sina Celso't Rita'y nagkapisan din). Nagtagumpay si Celso, ngunit marubdob ang pagsisisi ni Rita. Ano ang tubo nila sa puhunang inialay? Tinanggal na ang babaeng naputikan sa parametro ng pamilihan, datapwat naging isang bagay na ikinulong sa isang bahay malayo "sa kaligaligan at kaalinsanganan ng Maynila," isang sanktuwaryo sa salu-salong piging ng sakripisyo na magbubuklod sa komunidad, ang sinasambang kabuuan/totalidad.

Usisain muli natin ang gamit ng salapi sa pagbuhol at pagkalag ng kontradiksiyong sekswal-moral. Salungguhitan ang panukalang-isipan natin na hindi ang puta ang siyang kinatatakutang puwersang magbubuwag sa militaristiko-burokratikong aparato ng lipunan, kundi ang posibilidad na maraming babae ang makikipagsapalarang maglimayon at kumita ng salapi sa 'di-aprubadong paraan (Young 1964, 125-154). Ginagamit din sila, wika ni Alphonso Lingis, *"to justify the power and discourse that maintains the disciplinary structure of the family"* (1994, 63), kung saan itinakda ang katawan ng babae na walang pagpapasiya o kapangyarihan, gumagana lamang bilang instrumento sa produksyion ng anak—ang ideolohiya ng maternidad (Torres-Yu 2006; Red Collective 1978).

Bakit nga—ulitin natin ang 'di-mailagang tanong—naisip ni Celsong iligtas si Rita at hanguin mula sa pagkasumpa-sumpang kalagayan? Isinagip nga ang bulaklak mula sa layak, sa basura at yagit ng lipunan, ang babaeng biktima ng karahasan ni Pepe, ang patriyarkal na umaktong nagpatiwakal upang hamunin ang tadhana. Ngayon naman, si Celso ang pumalit bilang lalaking tagapangalaga, ngunit walang gamot sa sakit ni Rita. Nanatiling matapang si Rita, maalab ang pagkapoot sa lipunan. Sa pagsusumamo ni Rita na huwag silang magsama, tugon ni Celso: "…susuwayin kita pagka't 'di ako makapagbibigay-loob. At saka huli na ang iyong pinita. Ako'y ipinagtabuyan ng aking ama, dahil sa iyo ako'y kinasusuklaman ng aking mga kamag-anak, dahil sa iyo ako ay pinawalang halaga kong matagal na ang aking kaligayahan sa hinaharap, at dahil sa iyo, Rita, ako'y natatalagang umakyat sa maringal na kalangitan, o kaya'y magpatihulog sa lalong kalalim-lalimang bangin. Dahil sa iyo…." (Aguilar 1950, 60). Iyon ang panata ng pintakasi, ang tagapamagitan sa kamunduhan at kabanalan.

Kaipala'y tulad ni Pepe si Celso na handang utasin ang sariling buhay. Litaw na gamit ang inangking babae upang itanghal ang kanyang pagkamartir—isang kalabisang negasyon ng lipunan, kamag-anakan, burgesyang Estado, ekonomyang pampulitika.

Lantad ang masokistang tendensiya sa pantasya ni Celso, na nagtatambal ng *jouissance* at humaling-mamatay (*death-drive; thanatos*), katibayan ng *"essentially traumatic nature of human sexuality"* (Laplanche 1976, 105).

## Kilig ng Pagwawaldas

Matampuhin, hindi matimbang at walang kiling, ang argumento ni Celso. Nasaktan siya sa pampublikong anunsiyo ni Mang Ulpiano na wala na siyang pananagutan sa anumang utang ng anak. Sa pangalawang pagkakataon (una sa kaibigan), nakibahagi si Celso ng kanyang pinagdaanan sa mga kamanunulat, isang senyal ng patuloy na komunikasyon sa madlang kamalayan na pundasyon ng makatuturang komunidad. Huwag kalimutan na naipagbili ni Celso ang mga naisulat niya upang tubusin si Rita, ebidensiya na kalahok pa rin siya sa sistema ng salapi/pagpapalitan ng halaga (*exchange-value*). Hindi regalo ang bunga ng kanyang pag-iisip; naging komoditi iyon upang ibayad sa utang at hanguin ang katawan ng babae mula sa pamilihan ng karne. Gayunpaman, may pahiwatig din ng *potlatch*, pagwawaldas, na maigaganti sa utang-na-loob at sirkulasyon ng pagmamana na saligan ng rehimeng piyudal. Ang pagwawaldas at pag-aksaya (kontra sa kapital at tubo) ang indeks ng paglipat sa sagradong palapag ng matinding pagtatalik ng mga kalooban.

Sa harap ng mga kamanunulat, nagdalamhati si Celso bilang biktima ng walang-mukhang kapalaran, datapwat mapalad siya ngayon:" …at upang huwag magambala sa paglasap ng aliw sa piling ng aking irog, ako'y pumailanlang sa kaitaasang bughaw at masaya, at mula roo'y pinagmamasdan ko nang may pagdusta ang kilusan at nakatatawang pag-iring sa akin ng mga tao" (Aguilar 1950, 66-67). Ginawang sandata ang seks upang laitin ang ipokritang lipunan. Akala niya'y si Kristo siya at tumupad lamang ng katungkulang iniatas. Kumpisal niya na ang minimithi lamang niya ngayon ay "lumawig sana ang katamisan ng aking buhay sa piling ng ginigiliw na babae, pagka't sa gayon ay malilimot ko ang kahirapan at hinagpis" (Aguilar 1950, 67). Paglimot ay pagpanaw. Lumalabas na tumatalima si Celso sa tinaguriang eudaimonistikong argumento na ang hinahangad ay kaligayahan sa paglinang sa birtud, sa kabutihang tumatangkilik sa kaginhawan ng iba, hindi ang sariling kagalingan.

Pinuri ng mga nakikinig si Celso bilang "lalaki ka nga at manunula pa." Kahit man sinuhayan ang paninindigan niya, hindi pa

rin mahinahon si Celso. Nang naglalakad siya sa lansangang matao, hinala niyang "tila siya na lamang nang siya ang pinagmamasdan ng madla. Waring sa kanyang noo ay may natitik na mga salitang tagapagpahiwatig ng kung siya'y sino at kung ano ang ginawa" (Aguilar 1950, 97). Ang marka ng kondemnasyong sikolohikal ay tila naukit sa katawan. Sintomas ito ng kumplikado't sala-salabat na gunam-gunam, salamisim at hinagap na bumabagabag sa kaluluwa ni Celso at sa totoo'y gumigiyagis din sa mambabasa ng akdang ito.

Hinggil sa yugtong ito, maipapalagay na magkahalong *Eros* at *Agape* ang tendensiyang gumugulo sa isip at damdamin ni Celso. Naikintal din ito sa mito nina Tristan at Isolde (De Rougemont 1969), at sa neoplatonikong pilosopiya na hango kina Plato at San Agustin. Hinggil sa modernistang kalakaran, nagtawiran ang lakas ng *Reality-Principle at Pleasure-Principle* ni Freud at sa pagsasabwatan ng Diyos at *jouissance* ng babae sa siko-analytikong ispekulasyon ni Jacques Lacan (1985). Maidadagdag din ang obserbasyon ni Wendy Doniger, dalubhasang mananaliksik, tungkol sa sitwasyon ng magkatalik: "*A woman being possessed in sex, may yet be the subject, the only possessor, of the volatile element of awareness.... For there is no way in which this pristine clarity, this strict division into sexual subject and object can withstand the facts of human experience in the world, the deviousness and duplicity, the lies and illusions that mark the relations and especially the sexual relations between people*" (2000, 15). Samakatwid, nalulusaw ang mga kontradiksiyon sa proseso ng negasyon-ng-negasyon na pinuntirya sa unahan.

## Lalong Magiting ang Magbigay kaysa Tumanggap

Sa disiplina ng antropolohiya (sangguniin sina Mauss, Levi-Strauss, Godelier), ang sekswalidad sa kalikasan ay walang tiyak na determinasyon, manapa'y pasumala o palambang. Sa mundo ng mga hayup, kahit sino ay pwedeng makipagtalik kaninuman. Nabuo ang lipunan sa bisa ng maayos na pagpapalitan ng babae sa pag-aasawa (*exogamy*), na nagdulot sa babae ng halagang kultural. Pinagpapalitan ng mga tribu ang kanilang kababaihan sa isang tiyak na panuntunan ng regulasyong bumubuo sa bawat pangkat. Nakilala kung sino sila, sino tayo—sino ang naiiba, ang 'di kasali o banyaga/etsa-pwera. Kakawing ng regla sa kasal at pag-aasawa ang gawing pagtumbas (*reciprocity)* o palitang patas. Sa gayon, kung may ibinigay ka, tatanggap ka rin (Mauss 1990). Ipinaaalala sa lahat na ang anumang gusto mo ay hindi laging masusunod—namamayani ang tunggalian ng mga pwersa't interest, ang kontradiksiyong tumutuhog sa bawat bahagi ng kaayusan. Ang babaeng 'di-nag-

asawa at nagkaanak ay sintomas ng gusot, ligalig, gulong gumigiba sa pinagkasunduang kaayusan, sagisag ng potensiyal ng humanidad na sinisikil at sinusugpo. Samakatwid, implikasyon ng nailahad sa pambungad, si Rita ang tabu, ang sakripisyong alay, na susi sa pagbukas ng mas marangal at dakilang kinabukasan ng bayan.

Sa balangkas ng ugnayan sa nobela, tila nalabag ang tabu ng *incest* (kahit hindi magkadugo ang dalawa) sa dahas ni Pepe at pagtaksil sa asawang si Berta. Asersiyon iyon ng karapatan ng patriyarkal sa unang pagbawi ng pagkabirhen ng babae, poder na biglang naisalin sa halagang apat-na-raang pisong utang. Ipinalaglag ang sanggol na bunga ng dahas—isang krimeng 'di masambit muli, paglabag sa doktrina ng namamayaning relihiyon. Naging ari ng pamilihan ang nasiphayong babae, magagamit ng sinumang kayang umarkila. Upahan ang lakas-paggawa ni Rita tulad noong mga arawang trabahador na napanood ni Celso sa daungan. Hindi ito resiprokal na pagpapalitan—ninanakaw ng Madre ng burdel ang sarplas-na-halaga sa panahong ginagamit si Rita, hindi lang panahon kundi buong pagkatao. Karaniwan ang babae ay nasanay sa pag-aalaga ng pamilya sa tahanan, buong-pusong inihahandog ang sarili sa kapakanan ng mga kadugo, hindi sa gawaing walang kauuwian. Kaya kusang tanggap ang sakripisyo (tula ng maraming karakter sa literatura, halimbawa, Clarissa Harlowe ni Samuel Richardson o Justine ni Marquis de Sade, na tinalakay ni Carter 1978, 48) nang walang inaasahang gantimpala.

Magkaiba nga ang sensibilidad ng babae sa lalaki. Nailahad ni Virginia Held na ang maka-lalaking moralidad ay walang muwang sa sensibilidad ng kababaihan na kung magpapasiya, laging kasangkot ang *"actual relationships between embodied persons… And [women] often pay attention to feelings of empathy and caring to suggest what we ought to do rather than relying as fully as possible on abstract rules of reason"* (1994, 168), alinsunod sa saliksik nina Carol Gilligan at iba pang peministang dalubhasa. Sa kasong ito ni Rita, naduhagi ang babae sa putahan, natuyuan ng reserba o panlaan, at naging instrumento sa pagpaparaos ng mga lalaking naging kalakal din ng hibo o bugso ng kabiguan. Kapansanan at korapsyon 'di lamang ng katawan kundi ng buong pagkatao/kaluluwa, identidad, ang mapapala.

Nabanggit na sa unahan ang *"double standard,"* kumbensyon ng kerida o *concubine,* at pahintulot ng gobyerno sa operasyon ng mga *cabaret, salon, casa*, at iba pang lugar sa promiskuwong ugnayan. Halimbawa, pinahintulutan ng Amerikanong administrasyon ang

pag-iral ng pulang distrito ng Gardenia, Sampaloc, Maynila. Isang 'di-maiiwasang himpilan ng bisyo iyon sa tingin ng pamahalaan. Maisusulit na ang pananagutan ay dapat iukol sa lipunan, hindi sa indibidwal na itinulak ng mga pangyayari (Simmel 2004). Sa binayarang pagtatalik, lahat ng katangiang personal ay nawawala, ang halagang pambihira ay napapawi. Natanggalan ng puri o dignidad, walang lugod na nalasap, sa halip nasadlak sa yamot at hinanakit, si Rita ay naibalik nga sa sirkulasyon ng mga komoditi ngunit walang katumbas na makapag-aanak at makapag-aaruga ng mga kadugo sa isang pamilya. Ang kasalanan ay hindi kina Pepe o Rita kundi sa lipunang nagpapaganap ng mga batas at panuntunan sa malisya't deshumanisadong pakikisalamuha. Ang lipunan ay totalidad ng samot-saring relasyon, hindi bunton ng mga lumulutang na *monad* (nagsasariling diwa, sa metapisika ni Leibniz) o kamalayang watak-watak at atomistiko.

Ilang pag-uulik-ulik ang 'di maipagpapaliban. Naaksaya ba ang pagkakataong iyon? Nailigtas si Rita mula sa negosyo ng Madre at naging alaga siya ni Celso. Walang kapalit—hindi na kasali sa normal na pakikitungo. Naputol ang bahaginan, ang pagsasalu-salo, ang paghahandog ng regalo, at pag-aalay ng walang-silbing bagay. Nailigpit ang biktima at tagapagligtas sa isang masukal na sulok sa gilid ng lungsod, isang taguan ng mga takas, isang asilo ng mga mongha't asetikong nagpepenitensiya. Hinihintay na lamang ang panghihina ng katawan ni Rita, lubhang paghihirap sa sakit na walang lunas, at 'di maipagpapalibang paglaho ng kamalayan. Tumawag ng manggagamot ang katulong, ngunit pari ang dumating. Misteryo ng kabilang ibayo ng buhay ang dapat asikasuhin, hindi na makamundong ligaya supling sa erotikang pagsasanib na lumulunas sa indibidwal na paghihirap. Ano ang leksiyon ng pagwawaldas, ang gastahan ng nauubos na *elan vital* sa romantikong komunikasyon ng kaluluwa? Iyon ba ang kalayaan o kaluwalhatiang minimithi ni Celso?

## Tatsulok ng Gantihan at Bigayan

Sa teorya ni Marx, ang pagharang ng salapi at pagtalukbong ng komoditi-petisismo sa tunay na ugnayan ng mga tao ay dahilan ng alenasyong lumulukob sa lipunan. Hindi masapol ito ni Celso: payag siyang ipagbili ang kanyang nilikhang katha at, sa bayad noon, bilhin ang kalayaan ni Rita. Pansamantalang mediyasyon ito bago negasyon ng negasyon: pagtubos ng utang. Kinukubli ng salapi-komoditi ang awtentikong relasyon ng bawat nilikha. Sa pagkasakit ni Rita sa tagong pook, hiwalay sa madla, tumambad kay

Celso ang kamatayang sumisira sa ilusyon na siya, walang iba pa, ang umuugit at gumagabay sa kanilang buhay. Tumalab ito dahil sa papel na ginaganap ng babae bilang sakop ng tabu at paglabag dito, ang eksena ng sakripisyo at pagsilang ng sagradong pagkilala sa sangkatauhan (Mauss & Hubert 1968; Dupre 2008).

Si Rita ay sumuko kay Pepe at naging tampulan/timbulan ng simbuyong erotika ng kalalakihan. Isang ekstrabagansang pista ang nilahukan nila ni Celso. Ang babae ang paraan ng komunikasyon: *"The sexual relationship is itself communication and a movement. It is like a celebration of nature, and because it is essentially a communication it provides an outward movement in the first place"* (Bataille, sinipi ni Richman 1982, 80). Sa 2/3 bahagdan ng nobela, nagsilbing *pretext* o alibi si Rita upang makipagtalastasan sa kaibigan at sa mga kamanunulat. Ngunit simulang lumigpit sila sa kubling lugar, naputol ang ugnayan nila—si Celso'y lubusang itinakwil ng ama, at si Rita nama'y nabura sa sirkulo ng kumbersasyong publiko. Lumayo si Celso sa madla, "Hindi sapagkat ikinahihiya ang pakikisama kay Rita, kundi sa pag-ilag na ang pinakamamahal niyang katauhan nito'y maging sangkalan pa at tadtaran ng sari-saring upasala" (Aguilar 1950, 69). Sapat na ba ang pag-ibig sa pagpapanatag at kusang paghilom ng sugat ng magkasuyo? Salungat sa kanilang inaasahan, sadyang nabulabog at napadpad sa tabi ang dalawang magkasiping, nawalan ng balanse at nauyot. Wika ni Bataille: *"The violence of love leads to tenderness, the lasting form of love, but it brings to the striving of one heart toward another the same quality of disorder, the same thirst for losing consciousness and the same aftertaste that is found in the mutual desire for each other's body"* (Richman 1982, 84). Magkasiping na naman ang *Eros* at *Thanatos, jouissance* at kamatayan, naisantabi ang polarisasyon ng *Eros* at *Agape*.

Sa antas na ito, kailangang maibukod ang erotikang pag-ibig (*Eros* na tinukoy ni Plato at Griyegong mitolohiya) sa pagmamahal sa kapwa o *Agape* (sa teolohiyang Kristiyano). Ito ang klasikong basehan ng teorya ni Bataille. Sa diyalogong *Symposium* ni Plato, ang pag-ibig ay pagnanais sa isang bagay na wala sa atin ngayon (aktwalidad) ngunit nasa ating kalooban (ideyalidad). Ang nais natin na wala pa ngayon ay kaganapan—pagnanais sa pagbulas ng sarili, pagsilang sa isang mabuti't magandang kabuhayan. Sa erotikang pagnanais sa Forma ng kagandahang nasa isip, nagpapasasa tayo sa *"true virtue to become the friend of God and be immortal"* (1971, 95).

Sa kabilang dako, ang *Agape* ay pag-ibig ng Diyos na katambal ng pagnanais ng tao na pagsunod sa batas ng kalikasan, na kaakibat sa batas ng kalangitan, ayon kay Santo Tomas. Ayon naman kay Bishop Anders Nygren, ang *Agape* ay walang motibasyon, mapanlikha, at taga-usig ng pakikisama sa Diyos na nagbubuklod sa lahat, kapit-bahay man o estranghero (1971, 158-161). Sa unang sulyap, *Eros* ang gumana sa ugnayan nina Celso at Rita, subalit kung maiging timbangin, *Agape* ang nakasalalay doon, lamang hindi Diyos ang bukal noon kung hindi paglabag sa tabu at batas ng burgesyang lipunan. Nakasabit din ang pagtuklas sa wagas na kabanalan bunga ng sakripisyo, likas na pag-alay o pagwawaldas na yumayari ng bago't mas makatuturang komunidad—isang utopikong kaayusan—na, sa gitna ng dekadenteng orden, ay matatamo lamang sa kabaliwan at pagtampalasan sa baligho't buktot na kapaligiran.

Natabunan ang *Agape*, ang diyos ng paring sumuko at dagling lumisan, ng *Eros*, libog o rahuyo. Ito ang *Pleasure-principle* (antitesis ng *Reality-principle*) ni Freud na umugit sa *death-drive*, ang Thanatos (hinggil sa limitasyon ni Freud, sangguniin ang Red Collective 1978). Sa akdang "Beyond the Pleasure Principle" ni Freud, ang sapilitang pag-uulit (*repetition compulsion*) ay nakapangingibabaw sa udyok ng kaluguran at nagtutulak sa tao sa kawalan-ng-gulat o pagkamanhid—sa madaling salita, kamatayan. Pagpanaw ang bunga ng libog. Pagunita ni Freud: *"If we are to take it as a truth that knows no exception that everything living dies for internal reasons—becomes inorganic once again—then we shall be compelled to say that 'the aim of all life is death'"* (1989, 613). Paulit-ulit si Celso sa balak na tubusin si Rita, paulit-ulit niyang isinalaysay ang nakaraan sa kaibigan at taga-hanga; paulit-ulit na parang litanyang dasal ang kanyang paghanga't papuri na isang sakramentalisasyon ng dilag: "Pagkadilag-dilag ni Rita sa kanyang masid. Ang kahapon nilang puno ng matatamis na alaala at masasaklap na pangyayari, ang nagdaang mabulaklak at lipos ng tinik ay paminsanang napalarawan sa kanyang alaala. Si Ritang talaga ang tunay niyang pag-ibig, dito napabuhos ang kanyang kalooban, at saka siyang mamamatay…" (Aguilar 1950, 84). Sumingit na ang distansiyang pang-estetika sa imbentaryo ng lalaking alam din na "ang kamatayan ay isang bagay na kailangan ng buhay upang ito'y lumusog…" (Aguilar 1950, 77). Laging pinagpipilitan na ang pag-ibig niya ay dakila, "pag-ibig na di magmamaliw"—isang kalkulasyon ng sugalero sa panaginip upang ilagan ang pagkatalo.

## Adyenda ng Paglabag at Pagsusuwail

Tanggap na ang sakripisyo ng dalawang protagonista ay bukal ng awtentikong identidad, ang rebolusyon laban sa imperyalismo at kakutsabang piyudal-komprador-oligarkong uri. May ilang tanong pang dapat sagutin sa buntot ng ating interpretasyon. Halimbawa: bakit pinalawig ni Aguilar ang naratibo sa huling eksena ng paghihirap sa sakit at nakapupukaw na kamatayan ni Rita? Bakit nagwakas sa nakapanlulumong kabaliwan ni Celso?

Nasiyasat na natin ang isang parikala: ang prinsipyo ng katungkulang sinunod ni Celso ay 'di nakabawas sa paglabag niya sa ortodoksiyang moralidad ng epoka ni Reyna Victoria: petisismo ng kasal, birheng asawa, sagradong pamilya. Winasak niya ang tabu ng pagpapahalaga sa isang puta, isang bagay na marumi, salaula, masama. At sa pagsuway sa utos ng patriyarkal na orden, hindi lamang paglabag sa ama kundi sa kodigo ng burgesya't Kristiyanidad, si Celso ang kumatawan sa negasyon, sa pagwaldas, sa pagsira sa kinagawian. Naging pagkakataon ang pagligtas sa nabuwal na babae na nagpalaya ng natimping kapangyarihan ng emosyon, ng mapanirang kahumalingan. Ang pag-aksaya, ang pagsayang sa rahuyong simbuyo na dapat iukol sa trabahong kumikita ng yaman, ay maituturing na rebelyon sa kapitalismong nagpapanggap na banal. Walang tubo kundi aksaya, inihandog ni Celso ang panahon at enerhiya sa walang pakundangang kasiyahan at kolektibong pagtanggap sa anumang pambubusabos na ipinataw ng kapalaran.

Totoong nakasisindak ang pagwaldas at pagsayang ng lakas ni Celso sa kasiyahang karnal na hinaluan ng neo-Platonikong ideyalismo. Walang layong magtayo ng pamilya ang magkasintahan, kahit pahihintulutan ng kalusugan. Ang kilabot na ito lamang, ang sakripisyo ng dalawang gumaganap, ang makapagpapanumbalik ng kabanalan. Ang pagwawaldas ang maglulunsad ng sakramental na katangiang taglay ng kalupitan at kapinsalaang bunga ng erotikong pagtatalik. Ngunit sapat na ba ito upang baguhin ang lipunan? Sa pagsansala sa patriyarkal na herarkiya ng salapi at aping trabaho, pati na sa inang sinusuob, nabuksan ang daan tungo sa pagkawala sa mapangamkam na sarili, konsumerismo, kalkulasyon ng tubo sa puhunan. Paggastos, paggugol, sinumpang pagsuway sa ipinagbabawal, walang-ganting pagbibigay, pag-sayang sa anumang sagwil sa engkwentro-sa-kaibuturan—ito ang isinakatuparan ni Celso pagtalikod sa masunuring pakikisalamuha.

Nakahulagpos nga sa bilangguan ng salapi at mapagsamantalang pamamahala ng kolonyallismo't monopolyo kapital si Celso. Subalit si Rita? Natabunan siya ng lungkot at pagsisisi, hangad na iwanan ang pisikal na pag-iisa sa kamatayang magbubuklod sa kanila sa kalahatan. Himutok niya: "Ang kamatayan ko ay iyo namang ikabibihis sa maraming mga tiisin at pagkadustang binabata ngayon" (Aguilar 1950, 81). Alingawngaw ng pangako ng magong tagapagligtas? Hindi pa rin makatalikod si Rita sa dikta ng komersiyo: "Celso, mamamatay akong 'di man lamang nakaganti sa iyong mga pautang!" (Aguilar 1950, 72). Sayang lang ang pagpupunyagi ni Celso, sayang lang ang pagsisikap—iyan ang husga ni Rita, alay ang sarili sa ritwal ng komunyon/komunikasyon.

Bagamat nagduda si Celso sa katarungang mapapala sa paniniwala, umasa pa rin siya na mangyayari iyon. Gulong-gulo ang isip ni Celso habang naghihingalo ang kasintahan: "Kung nagkataong ang kapalaran ay isang tao, marahil kanyang hinamon. Kay dami ng mapapalad at nasasagasaan, kay dami ng nagtatawag sa kasawian ay kung bakit siya pa ang napag-itingan ng masamang palad.... Hindi pala Hudas lamang ang dapat magngitngit, ang mga paris man niya'y dapat ding mapabulusok sa pagpapatiwakal" (Aguilar 1950, 77). Naisip ni Celso na "hindi makasasama ang mangumpisal: sinumang haharap sa darakilang hukuman ay dapat maglinis ng anomang nagawang kasalanan dito sa lupa" (Aguilar 1950, 78). Nang dumating ang pari na handang dinggin ang kumpisal, nakita ang mga larawan ng Venus na hubo at biglang nagpasiyang "Impiyerno pala ang aking kinasuutan" (Aguilar 1950, 80). Nakakikilabot ang mga imahen!

## Naligaw ang Sugo ng Diyos

Tigib ng parikala't nakatatawang detalye ang mamamatyagan sa engkuwentro ng Babaeng Nabuwal at ministro ng simbahan. Naakit ang pari sa kagandahang nasulyapan. Nag-umpisang manalangin ang pari, ngunit sa panimdim ni Rita, ang alagad ng Diyos ay isang kliyenteng handang kumubabaw, isang palalong pusakal: "Ako'y pagod na, hindi mangyayari. Hindi naman ako kasangkapan at dapat magpahinga kahit sandali. Ano ngayon kung ako'y nasa bahay ng masasama? Kay daming ibon, kay ningning ng mga tala. Ibig ko'y maging ibon, ibig ko'y makalipad" (Aguilar 1950, 82). Hinimok ng pari na huwag magkaila ng kasalanan, na tinugon ni Rita na akala'y bagong panhik na *"customer":*

> "Ako'y walang sala.... Sila ang nagbulusok sa akin at si Pepeng may kagagawan ng lahat ay 'di ko mapapatawad na talaga.... Naging kalakal ang aking laman, naging pamatid-uhaw ang katawan ko.... Ako'y hindi na sa lahat ngayon, hindi na kahalaga ng pilak ang aking katawan. Kay Celso na lamang ako, sa aking irog at pinakamamahal na si Celso. Ang kanyang pagmamahal ay siyang bumihis sa akin. Lumayas ka rito," at ang pari'y itinulak. "Celso, halika, yakapin mo ako nang mahigpit, nang ang panlalamig ng aking mga laman ay mawala. Halika, aking irog, hahagkan kita ng isang pahimakas. Ibig kong maging saksi ang kamatayan ng paggiliw ko sa iyo. Ang mga paru-paro, ang mga bulaklak.... (Aguilar 1950, 82-83).

Sa wakas nitong melodramatikong tagpo, binigyan ng puwang ng nobelista ang mga pagbubulay-bulay ng pari. Sa balik-tanaw, iyon ay tumutugma sa mga sentimyento ng tagapagsalaysay-na-medyo-maalam nang lumisan na: "... Napagwariwari ang kawalang-halaga kung minsan ng kanyang banal na tungkulin sa kapangyarihan ng tukso. Bakit naman kaya ang tukso'y pinapanaig kung minsan ng Diyos. Upang masubok marahil ang kabanalan ng tao. Ngunit hindi rin naman, sapagkat kung ganito nga ay maipalalagay na nalito marahil ang lumalang ng lupa at langit kaya 'di nasukat kapagkaraka ang kalooban ng tao. Datapuwat ang Diyos ay marunong sa lahat..." (Aguilar 1950, 83-84). Sa pananaw ni Bataille, "*Sacrifice is the remedy to a world devoid of transcendence*" (1962, 69)—ang sakripisyo ni Rita sa mundong walang diyos kundi salapi, ang idolo ng merkado at materyalistikong modernidad (Mauss & Hubert 1968).

Karugtong lang ito ng mga panimdim ni Celso nang ikumpara niya ang sarili sa mga taong sawa na sa buhay: "Tila nga naman walang totoo kundi ang kamatayan... Ngunit kung sa lupa man ay naghahari ang walang likat na pagpipingki ng mga damdaming ibinubunga ng simbuyo ng kalooban, sa itaas, sa bughaw ng kalangitang bayan ng mga tala at bituin, ay panatag na kapayapaan ang nakapangyayari. Naitanong tuloy sa kanyang sarili kung bakit gayon sa itaas at sa ibaba'y hindi na. Doon ay tahimik at dito'y masigalot. Kinusa kaya ng Dakilang Lumikha ang ganitong pagkakaiba, upang magkalibangan siyang panoorin pagkatapos?" (Aguilar 1950, 53-54). Napagwari niyang nagkamali ang Lumikha o nakaligtaang iukol ang isang araw "sa paggamot ng mga sugat ng katauhan. Sayang!" (Aguilar 1950, 54). Kung pati ang balakyot

at salanggapang ay likha ng makapangyarihang Diyos, walang sayang—lahat ng nilikha ay may kabuluhan.

## Gayak sa Pagbabanyuhay

Sumapit tayo sa pansamantalang transpormasyon ng birtwal na daigdig nina Rita at Celso. Ang mga palamuting larawang nagsabit sa palarindingan na pawang nagdiriwang sa kagandahan ng mundong nadarama ay wala ng bighani o gayuma. Isinumpa iyon ng paring nakasulyap doon. Si Marta, hindi ang pari, ang karismatikong tauhan sa huling tagpo na nagdulot ng kaunting normalidad sa sanktuwaryo. Si Marta ay nagsilbing pintakasi, naging tulay ng pari upang makapasok sa altar ng sakripisyo. Bigo ang pakay ng pari na purgahin ang kasalanan ng babaeng halos bangkay.

Isinadula ni Rita ang ritwal ng pasyon, ang paglampas sa taning at paglabag sa hanggahan upang makamit ang sakramentong kasukdulan. Orgasmikong tuwa ang himatong ni Rita: "Ikaw ang humango sa akin sa katayuan kong api at ikaw rin ang nagbukas sa akin ng pinto ng kabuhayan…. Mamamatay ako upang ikaw ay mabuhay" (Aguilar 1950, 73). Nagsanib ang magkalaban. Nawalat ang tabu, lumaya ang enerhiya ng kaluluwang kumilig at pumaimbulog sa kawalan. 'Di maikakaila: "*Post coitum animal tristis est*." Ang namatay ay pamanhik ng komunidad sa makapangyarihang puwersang makapagliligtas sa anumang panganib—salot, baha, lindol, sunog, tag-tuyot, malaking disgrasya. Si Rita ang sinakripisyong "*scapegoat*" na tutubos sa utang ng lipunang buktot at lapastangan.

Nagwakas ang kasaysayan sa eksenang madaling bumuntot sa pagkapiping bigla ni Celso sa "mabangis na dagok ng kapalaran." Nang makita si Celso ng bantay-libingan na nagkukutkot ng lupa sa burol ni Rita at itinanong kung ano ang hinuhukay niya, sagot ni Celso: "Huwag kang maingay, hahatian kita sa kayamanan kong naririto kung makuha" (Aguilar 1950, 85). Alalaong baga'y nagsaginto ang nilalangit niya, hindi umakyat sa itaas, Naging minero ang makatang dati'y lumilipad sa kaluwalhatian. Sa pinakamababang lugar ng pinakahamak at pinakaaba namugad at bumulaos ang banal na sangkap na gumigiba sa mga pader, bakuran, tarangkahan, at nagsisiwalat ng kaibahan, ng tsansa, aksidente, kalampasan. Ito ang hubad na katotohanan: ang sindak at hilakbot sa masagwa't mahalay na pangyayari ay signos ng sakripisyo, ang danas ng pagtawid sa kaibuturan.

Sa tagpong ito lumilitaw ang sakramentong kaganapan, ang maigting na esensiya, ang makatuturang buod ng buhay ng tao (Bataille 1992, 43-52). Natuklasan sa pagkaputa ni Rita, sa mahapding kahayupan ng pagbibili ng katawan ng mga babae, ang natatanging pagkakataon ng pagsugod sa hangganan, ang komprontasyon sa itinakdang espasyo na hindi malalagpasan. Ang biktima ay gumanap ng meditasyon sa pagitan ng kabanalan at kabuktutan, sa pagitan ng inulilang nilikha at malikot na komunidad. Sa panig ni Rita, inialay niya ang sarili (sa parirala ni Julia Kristeva tungkol kina Romeo at Juliet ni Shakespeare) *"to death in order to become immortal within the symbolic community of others restored by love… An Ego is a body to be put to death, or at least to be deferred, for the love of the Other and so that Myself can be. Love is a death sentence that causes me to be. When death, which is intrinsic to amorous passion, takes place in reality and carries away the body of one of the lovers, it is at its most unbearable; the surviving lover then realizes the abyss that separates the imaginary death that he experienced in his passion from the relentless reality from which love had forever set him apart: saved…"* (1987, 252-253). Sa matalisik na pagtatasa ni Kristeva, na siya ring mapangahas na tesis na inilatag natin sa komentaryong ito, magkayapos lagi ang *Eros* at *Thanatos*.

Maaring ilagom na ang pangunahing adhika ni Aguilar dito ay umaayon sa nabanggit na programa ni Bataille: buhayin ang dalubhasang kabatiran hinggil sa banal o sakramentong kakayahan ng tao (tungkol sa *motif* ng sagradong danas, tingnan din sina Eliade 1987 at Dupre 2008). Nagsilbing barometro rin ito ng *Zeitgeist*. Walang 'di-masasarhang agwat sa pagitan ng tao at bathala, ng kalikasan at espirituwalidad. Itinampok sa nobela ang pagsanib ng *immanence* (kaibuturan/katimtiman) at *transcendence* (kalampasan), kahayupan at kagitingan, sa diyalektika ng magkabilang dulo ng sambayanang sinakop habang masilakbo pa ang paghihimagsik sa kabila ng pagkagapi't pagsuko ng puno ng Republika.

Sa halip na anarkiya, makatuturang pagbabagong-buhay ang inasinta ng imahinasyon ni Aguilar. Sa paglabag ni Celso sa tabu ng lipunan—pagtakwil sa ama, pagbunyi sa maruming babae, pagsira sa ipinagbabawal, pagkagumon sa gawaing pag-aksaya't pagwawaldas, walang direksiyon na paglaboy sa lungsod, pagluhog sa guniguni at damdaming mailap—umigkas ang nasikil na enerhiya ng haraya at nagapi niya ang *anomie*/alyenasyon ng burgesyang orden ng komoditi-petisismo na binulatlat nina

Marx at Engels (Aguilar 2002; San Juan 2017). Kaalinsabay nito, nailunsad ang pundasyon ng sakramentong larangan: pagkasanib ng mga Kaibahan (*Otherness*) at pagkilala sa mapangahas at mapagpalayang kakayahan ng taong may sariling kamalayan sa pagbabago ng kanyang kabuhayan at mundo. Wala nang mas makabuluhang asignaturang naisakatuparan ang manunulat kaysa rito sa panahon ng pananakop ng imperyong Amerika at walang-kaluluwa't palamarang paghahari ng mapagsamantalang oligarkiyang naghari noon at patuloy na nagpapasasa hanggang ngayon.

## SANGGUNIAN


Aguilar, Delia. 2002. "Four Interventions." Nasa San Juan, Jr. E. pat. *Only By Struggle*. 216-228. Quezon City: Giraffe Books.

Aguilar, Faustino. 1950. *Busabos ng Palad*. Maynila: Aliwan. (Unang inilimbag ng Filatelica, Maynila, 1909). 21, 24-26, 29, 32-33, 38, 43-55, 59-60, 66-67, 69, 72-73, 77-78, 80-85, 97.

___. 1986. *Pinaglahuan*. Quezon City: Ateneo University Press.

Almario, Virgilio. 1974. Panimulang-Suri: Mga Bukal at Batis ng Nobelang Tagalog." *The Literary Apprentice* XLVII, 2: 1-44.

___. 2009. *Unang Siglo ng Nobela sa Filipinas*. Manila: Anvil Publishing Co. 70-72.

Armstrong, Karen. 1993. *A History of God*. New York: Ballantine Books. 50.

Bataille, Georges. 1962. *Death and Sensuality*. New York: Ballantine Books. 69, 104.

___. 1985. *Visions of Excess Selected Writings*, 1927-1939. Minneapolis: University of Minnesota Press. 105-115, 116-129, 242.

___. 1992. *Theory of Religion*. New York: Zone Books. 38-40, 43-52, 56, 75-77.

Carter, Angela. 1978. *The Sadeian Woman and the Ideology of Pornography*. New York: Harper Books. 48.

Constantino, Renato. 1975. *The Philippines: A Past Revisited*. Quezon City: Tala Publishing Services. 320-321.

Darwin, Charles. 1988. *The Works of Charles Darwin*. Cambridge, UK: Cambridge University Press.

De Rougemont, Denis. 1969. *Love in the Western World*. New York: Fawcett World Library.

Doniger, Wendy. 2000. *Carnal Knowledge*. Berkeley, CA: Doreen Townsend Center Occasional Papers. 15.

Du Bois, W.E. B. 1983. *An ABC of Color*. New York: International Publishers. 149.

Dumas, fils, Alexandre. 1848. *La Dame aux camelias*. Salin ni David Coward. UK: Oxford University Press.

Dupre, Louis. 2008. "The Structure and Meaning of Sacrifice: From Marcel Mauss to Rene Girard." *Archivio di Filosofia* 76.1/2: 253-259.

___. 1987. *The Sacred and the Profane: The Nature of Religion*. New York: Harcourt, Brace & Jovanovich.

Engels, Frederick. 1968. "The Origin of the Family, Private Property and the State." *Selected Works of Karl Marx & Frederick Engels*. New York: International Publishers. 579.

Eviota, Elizabeth. 1992. *The Political Economy of Gender*. UK, London: Zed Books. 22.

Foucault, Michel. 1980. *The History of Sexuality*: Volume 1. New York: Vintage Books.
Freud, Sigmund. 1989. "Beyond the Pleasure Principle." Nasa Gay, Peter, pat. *The Freud Reader*. New York: W.W. Norton. 487-488, 490-491, 613.
GABRIELA Women's Party. 2018. "Statement on President Duterte's gross remarks in Bacolod City." *Facebook*. Inakses noong Abril 1, 2018. https:///www.facebook.com?GabrielaWomensParty/posts/abrielawomens'-party-statement/919200481623283/.
Godelier, Maurice. 1975. "Modes of Production, Kinship, and Demographic Structures." Nasa Bloch, Maurice, pat. *Marxist Analyses and Social Anthropology.* New York: Tavistock Publications.
Harris, Marvin. 1977. *Cannibals and Kings*. New York: Vintage Books.
Haug, Frigga. 1992. *Beyond Female Masochism*. New York: Verso. 171.
Hays, H.R. 1964. *From Ape to Angel: An Informal History of Social Anthropology*. New York: Capricorn Books.
Hegel, G, W.F. 1952. *The Philosophy of Right*. Isinalin ni T.M. Knox. Oxford: Clarendon Press. 7-9.
___. 1977. *Phenomenology of Spirit*. New York: Oxford University Press.
Held, Virginia. 1994. "Reason, Gender, and Moral Theory." Nasa Singer, Peter, pat. *Ethics.* New York: Oxford University Press. 168.
Hobbes, Thomas. 1963. *Leviathan*. Introduksiyon ni John Plamenatz. London: Fontana.
Hume, David. 1955. "An Enquiry Concerning the Principles of Morals." *Hume Selections*, New York: Charles Scribner's Sons.
Jed, Stephanie H. 1989. *Chaste Thinking*. Bloomington, IN: Indiana University Press.
Kant, Immanuel. 1957. *Kant Selections*, pinamatnugutan ni Theodore Meyer Greene. New York: Charles Scribner's Sons. 336-337.
Karnow, Stanley. 1989. *In Our Image*. New York: Random House. 198, 214.
Kendrick, Walter. 1988. *The Secret Museum*. New York: Penguin Books. 117.
___. 1987. *Tales of Love*. New York: Columbia University Press. 252-253.
Lacan, Jacques. 1985. *Feminine Sexuality*. New York: Norton.
Laplanche, Jean. 1976. *Life and Death in Psychoanalysis*. Baltimore: The Johns Hopkins Press. 105.
Lewinsohn, Richard. 1958. *A History of Sexual Customs*. New York: Harper and Brothers. 11-13, 70.
Lingis, Alphonso. 1994. *Foreign Bodies*. New York: Routledge. 63.
Lucie-Smith, Edward. 1972. *Sexuality in Western Art*. London: Thames and Hudson.
Marx, Karl. 1964. "The Power of Money in Bourgeois Society." *The Economic and Philosophic Manuscripts of 1844*, New York: International Publishers. 165-169.
___. 1970. *Critique of Hegel's 'Philosophy of Right.'* New York: Cambridge University Press.
___. 1975. "The Economic and Philosophical Manuscripts (1844)". Nasa Hoare, Quintin, pat. *Early Writings.* New York: Vintage Books. 327.
Mauss, Marcel. 1990. *The Gift*. Isinalin ni W.D. Halls. New York: W.W. Norton.
___ & Henri Hubert. 1968. *Sacrifice: Its Nature and Functions*. Chicago: University of Chicago Press.
Miller, Stuart Creighton. 1982. "Benevolent Assimilation," *The American Conquest of the Philippines*, *1899-1903*. New Haven: Yale University Press. 202-204, 230, 272.
Mojares, Resil. 1983. *Origins and Rise of the Filipino Novel*. Quezon City: University of the Philipines Press. 237-238.

Murphy, Robert. 1970. "Connaissez-vous Levi-Strauss?" Nasa *Hayes, E. Nelson* at *Tanya Hayes,* pat. *Claude Levi-Strauss: The Anthropologist as Hero* Cambridge: MIT Press.

Nygren, Anders. 1971. "The Content of Agape." Nasa Norton, David at Mary Kille, pat. *Philosophies of Love.*158-161. New Jersey: Rowman and Allanheld. 158-161.

Pagels, Elaine. 1979. *The Gnostic Gospels*. New York: Vintage Books. 55-56.

___. 1988. *Adam, Eve and the Serpent*. New York: Vintage Books. 70-77.

Plato. 1971. "Selections from The Symposium: Eros." Nasa Norton, David at Mary Kille, pat. *Philosophies of Love.*158-161. New Jersey: Rowman & Allanheld. 158-161.

Rahner, Karl and Herbert Vorgrimler. 1965. *Theological Dictionary*. New York: Seabury Press. 184-186.

Red Collective. 1978. *The Politics of Sexuality in Capitalism*. London: Red Collective.

Regalado, Inigo Ed. 2013. "Ang Pagkaunlad ng Nobelang Tagalog." Nasa Zafra, Galileo, pat. *Mga Lektura sa Kasaysayan ng Panitikan*. Metro Manila: Aklat ng Bayan. 167.

Reiche, Reimut. 1970. *Sexuality and Class Struggle*. London: New Left Books.

Reyes, Soledad. 1982. *Nobelang Tagalog 1905-1975*. Quezon City: Ateneo de Manila. 46.

Richman, Michelle. 1982. *Reading Georges Bataille*. Baltimore: The Johns Hopkins Press. 80, 84, 112-137.

San Juan, E. 2017. *Lupang Hinirang, Lupang Tinubuan*. Manila: De La Salle University Publishing House.

Simmel, Georg. 2004. *The Philosophy of Money*. New York: Routledge.

Tertullian. 2016. *Collected Writings (circa 160 CE),* Vol. 2, Chapter XV. New York: Aeterna Press.

Thompson, Jennifer J. 2004. "'Accept this two-fold consolation, you faint-hearted': St. Augustine and contemporary definitions of rape." *Studies in Media and Information Literacy Education* 4.3 (August). <http://www.utpress.utoronto.ca/journal/ejournals/simile. Inakses noong Hulyo 13, 2019.

Torres-Yu, Rosario. 2006. "Re-imahinasyon ng Ina sa Panitikan ng Kababaihan," *Kilates*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Young, Wayland. 1964. *Eros Denied*. New York: Grove Press. 125-154.

Zaretsky, Eli. 1976. *Capitalism, The Family, and Personal Life*. New York: Harper Torchbooks.